Maynila at inaasikaso ang mga negosyo. Itinago na rin ang mga higanteng gawa sa papel at kawayan, pero walang nakaaalam kung sino o saan ito naitago. Nagsimula nang umihip ang malamig na hangin. At nagsimula na ring manlamig ang kalamnan ni Eloisa, na hinahaluhan ng malamig na pawis habang umiikot ang buong paligid. Madalas niyang hagurin ang kanyang tila kumikislot na puson at humihilab na tiyan. Maaaring may epekto na ang kapangyarihan ng higante sa Kapitana. Hindi niya maipagtapat kay Eduardo ito. Hindi niya sigurado kung papaano ito tatanggapin ng mamumukot na nagtitiis at naghihitay sa kanyang pagsasayaw sa darating na Linggo ng Muling Pagkabuhay.

Isang araw, isang parehadora ang lumapit sa kanya.

“Alam ko ang nangyari sa iyo, Eloisa. Naikuwento ito ng asawa kong naghatid sa iyo sa bahay ni Senyor Prado. Wag kang mag-alala, hindi ko ipagkakalat. Basta magpakatatag ka,” ang payong hindi niya hiningi sa isang estrangherong nakaaalam ng pangyayari. At tulad ng kung papaano niya isinawalang-bahala ang mga pahayag ni Belen, lalo pa nga niyang pinagtibay ang kanyang kalooban.

Sinubukan niyang uminom ng sari-saring ugat, ang lumukso sa higaan, ang gumulong sa sahig, at umiri ng bigla matapos tumakbo sa loob ng bakuran, pero sadyang matibay ang kapit ng bata. Hindi na niya kinailangan pang magtungo sa hilot, lalo’t batid na niya ang katotohanan. At kung ito ang dudukot sa tibok sa kanyang matris, maaaring may makaalam pang iba. Sumapit ang Pasko na tanging si Eduardo lang ang kanyang nakasalo.

“Natapos ninyo na ba ang sayaw ni Ti Maring?” usisa ni Eduardo habang hinihigop ang kape.

“Hindi ko magawa ang umikot nang ilang ulit. Mabilis akong mahilo,” ang matapat na tugon ni Eloisa.

“Madalang kasi kayong mag-ensayo, kaya hindi ka nasasanay sa pag-ikot habang nakaliyad,” at natawa si Eduardo, habang nanatiling blangko ang mukha ni Eloisa. Napansin ito ni Eduardo, at tumayo ito at saka niyakap si Eloisa mula sa likuran ng kanyang upuan.

“Hinihintay ko ang pagsasayaw mo.”

Ang Pagsusukat sa Saya at ang Gayak ni San Clemente

Lumipas ang buwan ng Enero at pansin na niya ang kanyang hilig sa kasuy at matamis na bao. Naduduwal siya sa tuwing makaaamoy ng kabayo sa karetela o ng bakang nagdadaan sa may tarangkahan. Sabay nito, maaalala niya si Senyor Prado at ang mga alaga nitong hayop. Bigla siya makaramdam ng galit, bagaman, hindi niya ito mailabas.

Sumapit na ang Pebrero at kinailangan na niyang punitin ang kumot upang ipambigkis sa kanyang bumubukol na tiyan. Maaaring higpitan ito upang magkaroon ng kurba ang kanyang baywang at hindi rin siya mahirapan sa pagbali nito.

“Eloisa, alam kong katatapos lang ng Pasko, pero sana naman ay magbawas ka na muna sa pagkain mo ng kanin at matatamis. Hindi ito makabubuti sa hubog ng iyong katawan. Nagsisimula ka na yatang bumilog,” pansin ni Ti Maring. Napangiti noon si Belen. Naisip niya ang magdala ng sari-saring minatamis at kakanin kay Eloisa, ngunit baka aminin pa ito ni Eloisa kay Ti Maring at siya rin ang mapagbalingan ng galit. Nanalangin pa siyang mapaos si Aida, o ‘di kaya ay magregalo ng napakaraming tsokolate sa Araw ng mga Puso si Eduardo nang patago kay Eloisa. Pero hanggang sa pangarap lamang ito ni Belen.

Ikalawang linggo na ng Marso nang sukatan na sila ng kanilang mga gagamiting baro’t saya sa Linggo ng Pagkabuhay. Malaking sakripisyo ang ginawang pagtitipid ni Eloisa sa kanin at ulam. Ipinagkait niya sa sarili at dinadala ang sustansya. May pagkakataong nangangatog ang kanyang mga tuhod at nanginginig ang kanyang mga kamay. Tanging biskwit at malabnaw na kape lang ang kanyang kinakain. Ayaw niyang mahalata ang kanyang paglaki, pero sadyang napapansin din ito ng modista at sastre.

“Iha, konting tiis pa. Malapit na ang unang linggo ng Abril. Magastos sa tela ang may malaking baywang at mahirap gupitan ng padron ito,” payong may halong insulto ng modista.

Tatlong baro’t saya ang itatahi para sa kanilang tatlo: isa para sa misa Miyerkoles Santo, isa para sa Siyete Palabras at prusisyon sa Biyernes Santo, at ang huli ay sa Salubong sa Linggo ng Muling Pagkabuhay. Kailangang mapanatili niya ang kanyang hubog. Halos hindi na siya huminga nang ilapat sa kanyang baywang ang medida. Nagkakatinginan na lamang ang sastre at modista. Ang lahat ng ito ay pinondohan ni Senyor Prado.

Nababalita pa nga na babalik ito sa Mahal na Araw at doon magpapahinga at sasaksi sa tatlong dalagang kanyang napili.

Ang mga Anghel at ang Puso

Sa Linggo ng Muling Pagkabuhay naman inilalaan ang mga batang babae upang maging mga anghel sa bukan-liwayway. Sila ang mga paslit na kumakatawan sa mga sugo ng Maykapal upang tanggapin sa Kanyang resureksyon ang Manunubos. Sila ang mga anghel ng kamusmusan, mga pawang inosente, at walang muwang sa anumang malisya o kasalanan. Sila ang mga tagapagpahayag ng mabuting balita ng pagkabuhay na muli ng Mesiyas. Nakaputi sila at kalimitang pumaparada sa madaling araw upang magkita-kita sa patio kung saan magaganap ang Salubong. Marami ang nagsasagawa ng pagsalubong sa iba't ibang simbahan sa Pilipinas, kung saan nagtatagpo ang nagluluksang Birheng Maria, ang muling nabuhay na Kristo at ang mga anghel na magtatanggal ng belo ng Birhen. Ito ang hudyat ng pagtatapos ng pagluluksa at ang katuparan ng pagtubos sa kasalanan.

Subalit sa Angono, kailangang bumigkas ng *dicho* at sumayaw ang Kapitana, samantalang iindak ang Tenyenta sa araw ng muling pagkabuhay ni Kristo. Sa patio ito nagaganap kung saan ay may nakabiting hiyas na hugis puso. Sa ilalim nito titigil ang nagdurusang Ina. Bibigkas ng malabersong pangungusap ang Kapitana, at sasayaw naman ang Tenyenta.

Ang Dugo sa Pagbubukas ng Puso

Nasa loob ng hiyas na puso ang isang anghel. Tila isang sanggol itong kinakanlong sa sinapupunan hanggang sa tamang panahon na ito ay iluwal. Maghihintay lamang siya ng pagbubukas ng puso. At saka niya tatanggalin ang belong itim ng Mahal na Ina. Madilim pa, at matatagalan pa ang pagdilat ng araw.

Naroroon si Eduardo. Katabi niya ang nag-iisang parehadora na nakaaalam ng lihim ni Eloisa. Kapwa sila nakamasid kay Eloisa. Makikita kay Eloisa ang determinasyon na maitawid ang seremonya na kanilang hinintay nang buong taon. Lalo pang tumingkad ang kanyang karilagan at kayumian, kahit pa bahagyang malamlam ang kanyang mga mata. Ito ang araw na patutunayan niyang siya ang papalit kay Ti Maring, ang araw na siya ang karapat-dapat at hindi si Belen, at ang araw na maaari na niyang sabihin kay Eduardo ang lahat ng nangyari. Wala na siyang magagawa kung tatang-

gapin o tatanggihan ito ng kanyang minamahal na mamumukot. Nais lamang niyang maging tapat at tuparin ang kanyang ipinangako.

Maririnig ang pagtipa, pag-hip, pagpalo ng mga instrumento ng mosikong nakaunimpormeng puti at asul, na pinangungunahan ng tambol mayor na may baton at bandilang pinaikot ng kanilang matitikas na kamay. Masaya ang kanilang pagtugtog ng martsang *gavotte* para sa sayaw ng Kapitana at Tenyenta. Natanawan din ni Eloisa na lulan ng kanyang awto si Senyor Prado; hindi siya maaaring magkamali lalo pa nga't nag-iisa lamang ang may ganitong mamahaling sasakyan sa bayan ng Angono. Nakaparada ito sa likuran ng malaking acacia. Nakamasid sa kanya ang matandang mestiso. Hindi siya maaaring magkamali. Ito ang awtong sumundo sa kanya noong pista ni San Clemente.

Nagliyab ang mga mata ni Eloisa. Nais niyang patunayan sa higante na mas makapangyarihan ang Kapitana sa araw ng Muling Pagkabuhay. Bago pa ang pagbigkas ng *dicho* ng Kapitana, nagsimula nang tumugtog ang mosiko. Tumayo si Eloisa para bumigkas ng *dicho* at saka buong gilas na sumayaw. Nagulat si Ti Maring, tila sinapihan ng Birhen ang dalagang kanyang tinuruan nang ilang buwan. Kakaiba ang ipinapakitang indak nito, na kahit si Belen ay aminadong hindi kailan mang makagagawa nito. Ibinuhos niya ang lahat ng kanyang lakas at kasanayan. Humihingi siya sa bawat pagbali ng kanyang baywang ng basbas ng katarungan sa Maykapal. Halos sumayad na ang kanyang buhok sa sahig ng entablado. At nagliparan na ang mga ibong gawa sa papel patungo sa hiyas na puso, at saka ito nagbukas. Lumantad ang anghel, kasabay ng pag-agos ng dugo sa mga hita ng Kapitana. Pumatak ang ilan dito sa puting sahig ng entablado. Butil-butil ang pawis sa kanyang noo nang masindak ang lahat ng nakasaksi. Sumisilip na ang araw sa abot-tanaw. Pinilit niyang habulin ang kanyang hininga at kamalayan. Itinuloy ng mosiko ang tugtog upang tanggalin ng anghel ang belo ng pagluluksa ng Birhen. Tuloy rin ang sayaw ng Kapitana, habang nagbubulungan ang lahat. Nagkatinginan ang Tenyenta at ang Konsehala. Hinihinal na ito na para bang walang makaaawat sa kanyang ginagawa. Natigagal si Ti Maring na para bang humahanap ng paliwanag. At biglang nawala ang mamumukot sa kanyang kinatatayuan. Nagtuloy sa pag-ikot ang Kapitana hanggang sa mawalan ito ng malay. Bumagsak siya sa entabladong nilahiran ng sariwang dugo. Nagliparan ang mga ibon sa patio. Nagkagulo ang ilan sa entablado upang tulungan ang Kapitana. Nagimbal ang mga

paslit na anghel sa dugong umaagos at nagmantiya sa puting saya ni Eloisa. Nagtakbuhan ang mga magulang para kunin ang kanilang mga munting anghel. May ilang hinimatay na matatandang deboto. May nag-akalang milagro ang nangyari. May humiyaw na sumpa ito sa makakasalanang. Tumigil ang mosiko at hinawi ng mga alagad ng batas ang mga kalalakihang nagkakagulo sa dalagang nakalupasay. Nakatulala ang Kura Paroko. Walang nakapansin at walang nakaalam na may itak na tumarak sa dibdib ni Senyor Prado. Isang kisap-mata ang pangyayari. Naiwang nag-iisa ito sa kanyang awto. Namatay itong nakadilat ang mga mata. Walang nakakaalam kung sino ang salarin, tanging ang parehadora lamang.

“Hbd”

Joselito D. Delos Reyes

SAMAHIGIT SANDAANG BUMATI sa kaniyang 24th birthday sa Facebook kanina, isa lang ang inabangan talaga ni Bless, si Ex. Umasa siyang litanya ang mensahe ni Ex sa kaniya. Chronology ng mga pangyayari buhat nang ligawan siya nang dalawang linggo, naging sila nang mahigit anim na buwan, at nang maging ex si Ex na halos isang buwan na ang itinatagal. Iyong tipong magre-reminisce, iyong tipong magbibigay ng hint na pwede pa, may lugar pa para maging sila uli. Dahil ganoon si Ex—ang una niyang ex! O sige second kung isasama yung naging katuwaang “bf” niya nang isa’t kalahating araw noong fourth year high school—madaldal, madetalye, makuwento, mapaggiit dahil sa galing nito sa trabahong may kinalaman sa sales and marketing ng mga unit at piyesa ng traktora at bulldozer kahit pa forestry naman talaga ang kursong tinapos ni Ex sa UPLB. Bumati naman si Ex, “Hbd.” Walang ka-effort-effort. Ni hindi man lang yata pinag-isipan. Ni hindi man lang nakuhang mag-caps lock o magtuldok o mag-exclamation point, “Hbd.”

Inip na inip si Bless sa biyahe pauwi, nagmadaling maghapunan kahit maraming nag-aaya sa kaniyang maghapunan sa labas, at maglibre, dahil birthday naman niya. Matapos magpalit ng damit na pambahay, nagmadali siyang umupo sa sofa nang komportable para komportableng masagot ang lahat ng komportableng bumati sa kaniyang kaarawan sa Facebook. Tapos ganun lang ang bati ni Ex, “Hbd.” Mga alas-sais ng umaga dinutdot ni Ex. Bago siguro umalis papuntang Laguna o Batangas, sa mga kliyente niyang real estate developers sa Canlubang o sa Calatagan. Siguro.

Para mas lalong maging komportable, tuluyan nang humilata si Bless sa sofa. Nilakasan niya ang telebisyon para hindi marinig ng kaniyang pinsang si Ate Mayet na nasa kalapit na kuwarte, ang pakikipag-usap niya nang malakas sa sarili. Si Ate Mayet na taga-Lucena rin ang kasama niya sa tinutuluyang apartment sa Marulas; sa Marulas din nagtratrabaho ang kaniyang pinsang engineer ng San Miguel Brewery sa MacArthur Highway. Si Ate Mayet na lagi nang napagkakamalang kapatid niya dahil bukod sa kamukha niya—singkit, bilugan ang mukha, maputi—kasintangkad din niya halos ang petite na pinsan, five-feet sarado.

Nilakasan nya ang volume ng telebisyon para hindi siya marinig makipag-usap sa sarili. Ganoon kasi maglinaw ng mga nararamdaman si Bless. Kakausapin ang sarili kahit halos parang interjection lang ang binabanggit. Mga “Anuveh?!” “Antanga-tanga moh!” “Weh ‘no naman?!’” at ang hindi nawawala sa kaniyang Lucena expression na “Yano ay!” Na sa hindi nakakakilala sa kaniya, baka mapagkamalan siyang baliw dahil sa pakikipag-usap sa sarili nang malakas.

Ayaw ni Bless sa “Hbd.” Gaano ba kasi kahirap ang “Happy Birthday!” para hindi mai-type sa cellphone? Sigurado siyang cellphone, hindi laptop o tablet, dahil bukod sa mobile lagi si Ex dahil sa trabaho, may unlimited access sa Internet ang linya nito, plan 999 unlimited mobile Internet na nakatali sa kaniya, ayon sa kontrata, nang thirty months. Sabay silang nag-apply ng linya, at sabay ding naaprubahan nang mismong araw na nag-apply sila gamit ang kani-kanilang credit card, three months ago. Pareho din sila ng kinuhang libreng cellphone, puting iPhone 4s. Bakit hindi man lang siya pinag-aksayahan ng ilang piglas ng daliri, ilang dutdot, para matype man lang ang “Happy Birthday!”? Naihinga ni Bless ang mahabang “Yano ayyyy...” Sabay napatingin siya sa kuwarte ni Ate Mayet. Nangambang narinig ang kaniyang mga sinabi kasabay ng pagbuntong-hininga.

Ano’ng isasagot? I-click ang like? Pero hindi naman talaga like ni Bless ang “Hbd” ni Ex. “Salamat?” Mas mahaba pa sa Hbd. “Ty,” at least iyan medyo sapat para sa tatlong kapinggog na letrang ipinadala ng dating nobyong matanda sa kaniya ng tatlong taon. O kaya, siya kaya ang maglitanya? Manumbat ng mga pagkukulang at pagkakamali kung bakit hindi nag-prosper ang relasyon nilang sumaya din naman kahit papaano, relasyong wala pang isang buwan ang lumilipas mula nang maputol. Pero para ano pa? Baka lalo lang ma-badtrip si Ex. Baka i-interpret iyon ni

Ex bilang deklarasyon na tapos na tapos na tapos na ang lahat. Ayaw ni Bless ng closure sa ngayon, at least on her end. Kahit pa siya mismo ang tumapos sa pamamagitan ng outright na pagsasabing "...Nget, break na tayo." Pero hindi iyon irrevocable break-up. Pwede pa sanang iapela lalo't in-a-relationship pa sa kaniya ang status ni Ex sa Facebook. Kaya niyang mag-compromise kung ito ang ipapanawagan ni Ex. Pero heto, matapos ang "...Nget, break na tayo" niya noong isang buwan, wala na ni ha ni ho, ito na ngang "Hbd" lang kanina.

Pero di ba dapat naman siyang sumaya? Bukod sa hindi pa nagpapalit ng status at walang litrato ng hindi niya kakilalang babae sa Facebook wall ni Ex na halos tatlong linggo nang hindi ina-update, kahit papaano nakaa-lala ang dating nobyo. O alala nga ba? Napabulalas si Bless: "Kasi kasi kasi naman eh..." Hindi ba nakabalandra naman sa Facebook kung sino ang nag-be-birthday sa bawat araw? Dahil hindi niya alam ang isasagot, nagpawala si Bless ng isang malakas na "Anuveeeeh, Bless!" na nalunod sa sigawan at sampalan ng hindi naman niya pinanonood ni pinapansing telenovela. Sinilip niya ang profile ni Ex. Sila pa rin. Sa Facebook.

Naalala niya ang isang ka-department, nagka-copy-paste ng magandang mensahe ng pagbati sa mga nagbe-birthday niyang ka-Facebook. Totoo nga naman, ang makakatanggap, walang kaalam-alam na copy-pasted ang magandang mensahe. Feeling special. Samantalang ang "Hbd" ni Ex, wala. Generic na nga, napakaikli pa! "Yano ay! Kainis!" imik na naman ni Bless sa sarili habang iniuunat ang binti sa sofa. Natanawan ni Bless sa kusina ang isang maliit na kahon ng cake. Tumayo siya para humiwa ng piraso ng black forest. Nabasa niya sa card na kalakip ng kahon na kay Ate Mayet galing ang cake. Bago siya bumalik sa sofa, kinatok niya ang kuwarto ni Ate Mayet. Nagpasalamat. Muli siyang binati ng "Happy birthday!" ng pinsan.

Wala man lang ilusyong espesyal si Bless sa pagbating "Hbd." Kung paanong tinrato siya dati ni Ex bilang espesyal sa loob ng anim na buwan. Mali. Anim na buwan at dalawang linggo kung isasama ang panliligaw. Mali pala uli, anim na buwan at isang linggo lang kung aalisin ang isang linggo nilang tampuhan, na naging awayan, na naging simula ng... simula ng... ng wakas. Dahil lang ba sa pagkukulang ni Ex ng oras para sa kanilang relasyon? Dahil ba sa palagi niyang pagtangi kay Ex na laging ipakita ang nilalaman ng kaniyang cellphone. Iyon lang?

Sagot niya sa matabang na “Hbd.” “Ty” sabay click ng like sa “Hbd.” Sumagot kinabukasan si Ex, “Yw.” Nang-aasar ba?

Kung ibig niyang sabihin sa “Yw” ay “you’re welcome,” may pakiramdam siyang hindi na siya welcome sa buhay ni Ex. Ikinandado ng “Yw” ang pinto ng anumang nalalabing pangitain ng pag-apela. Pakiramdam ni Bless, tinapos ng “Yw” ang conversation. Ang thread na dapat sana ay magli-lead into something happy, romantic, that second-time-around. Sinilip niya uli ang profile ni Ex. Tsineka ni Bless kung naroon pa rin ang kanilang mga larawan noong sila pa. Naroon pa rin. Nakalagay sa album na may pamagat na “Nget and Nget.” Naka-tag pa rin si Bless.

Tawagan kaya niya? Sagutin kaya? Mas masakit kapag hindi. Pinakamasakit kapag sinagot ang tawag at sabihing nagka-client call siya, o busy, at gamitin ang “Will call you back later.” na auto-SMS tulad ng madalas niyang matanggap, tapos walang darating na tawag. Kailangan pa niyang tawagan para ipaalala niyang nag-text siya na kailangan siyang tawagan. Hindi rin nakatis si Bless, tumawag. Unattended. Uulitin sana niya dahil baka lumabo lang ang signal. Huwag na lang.

Oo nga, huwag na lang. Tinapos na ng “Yw” ni Ex. Parang simpleng pagte-text niya ng “k” kung kailangan na niyang tapusin ang conversation sa texting sa nanay niya kapag nangungulit na ito kung kailan siya babalik ng Lucena para madalaw ang pamilya, kahit alam naman niyang si Mimi, ang kapatid niyang bunso, ang nagte-text na dinidiktahan lang ng nanay niya:

“Mahaba nman yata ang bakasyon mo s mhal n araw, parini ka nman d2 – nanay mo to.” K at smiley.

O sa Ate Cecil niya kapag natapos na ito sa kaniyang mini-tutorial by way of texting kung ano ang gagawin sa Excel na laging nagkakamali, lalo na kapag bigayan na ng class card ng mga estudyante nito sa Sacred Heart, o kapag naba-virus ang laptop nito.

“Panu nga uli mag-average kung naka-link sa hiwalay na spreadsheet? Laging nag-e-error eh. Hindi na madetect usb ko, dami ko pa naman files dun, paguwi mo pakiaayos ha?” K at smiley.

O kay Barry na taga-Gulang-gulang, Lucena City. Ang kontrobersyal na si Barry, ang ikatlong sulok sa imagined love triangle nila ni Ex. Si Barry na kaklase niya sa high school sa Quezon High, ang kaniyang masugid na, paano ba tatawagin, hindi naman kasi suitor kasi wala naman talagang sina-

sabi. Masugid na follower? Stalker? Constant liker at taga-comment sa mga status at post niya sa Facebook? Maliban na nga lang kung kasama niya si Denver, alyas Ex, sa mga Facebook post, walang paramdam doon si Barry. Ganito ang tipikal na mensahe ni Barry na nababasa ni Ex:

“Hi, pauwi ka daw d2 sa atin sa pasko ng pgkabuhay, kain tayo sa Buddy’s ng nanay at ate mo?”

“Hi. Napadaan ako sa inyo khapon, ngdala ko ng yema cake, sana makauwi ka para matikman mo. Nxt week p nmn expiration nun.”

“Hi nagkitakita kmi nina Jean & Vibeth sa SM Lucena, musta daw sa yo.”

K at K, minsan may smiley. Tapos ipabubura na ni Ex ang mensahe. Parang mga ganyan.

“K” ANG NAGSASABING TAPOS na ang usapan sa text o chat. O kaya “he he.” At sa kaso ng katatanggap niyang sagot buhat kay Ex nang padalhan niya ng “Ty,” “Yw.” Wala man lang smiley.

“Yano ay,” nabanggit na naman ni Bless habang nagfe-face powder matapos ang lunch break sa office pantry. Pinagtinginan siya ng mga kaopisina. Nagtaka sa expression niya at kung paano niya iyon sinasabi habang ipinapahid at pinapantay sa mukha ang pulbos. Nginitian sila ni Bless. Itinuloy lang ang pagpupulbos.

Kaya dapat na din siyang mag-move on. Kaya gumanti siya sa “Yw” ng walang kabuhay-buhay na “He he.” Pero wala pang limang minuto ang lumipas nang bumulaga sa kaniya sa Facebook ang “Musta u, ok k na?” mula kay Ex. Sinundan ng “Work ka?”

Sasagot agad sana si Bless ng “Yes.” Pero bago pindutin ang sent, nag-alangan siya. Ang “yes” niya ay para talaga sa tanong na “Work ka?” hindi para sa “...ok k na?” Dahil hindi pa siya okey. Hindi siya nagkubli ng dam-damin kay Ex. Kahit noong Denver pa si Ex. Tampo kung tampo, inlove kung inlove, lambing kung lambing, inis kung inis. Inis kung inis lalo na kung uusisain ang kaniyang cellphone na wala naman talagang ibang laman kung hindi mga 90s mellow songs (na tinatawag ni Ex na baduy), litrato niya (mga pangit daw, sabi ni Ex, paulit-ulit na pangit kaya naging terms of endearment nila ang “Nget” sa isa’t isa, short for pangit), at mga litrato nilang dalawa. Mga mensahe buhat kung kani-kanino. “Ano ba kaseeeh?”

bulalas niyang muling nagpatigil sandali sa kuwentuhan ng kaniyang mga kaopisina sa pantry.

Walang halong pagpapanggap si Bless sa relasyon nila noon. Ngayon pa ba siya magpapanggap na okey siya?

Naguguluhan pa rin siya sa kung paanong ang isang araw ng malinaw na usapan tungkol sa career at kasal, ay napunta sa malabong argumento ng selos at pagdaramot, at nauwi sa ilang araw na walang pansinang hanggang sa sumbatan ng hinanakit at pagkukulang hanggang sa, hanggang sa pagsasabing “Go on with your life, Nget. Enjoyin mo na lang nang wala ako.” Na sinagot ni Ex, malakas, napataas ang baritone na boses, “What do you mean, Nget?” Na sinagot niya ng malamig na malamig, flat na flat, halos walang tunog na “I hate beating bushes, Nget. Break na tayo.” Iyon lang. Sabay talikod at alis. Sabay bukas ng pinto ng taksing napadaan sa tapat ng pizza parlor kung saan sila nag-usap noong gabing iyon sa may E. Rod. Saktong-sakto ang parada at baba ng pasahero ng taksi sa kaniyang pagtalikod at pag-iskyerda matapos sabihin ang “...Nget, break na tayo.” On cue, pumarada ang taksi para magbaba ng pasahero. Parang inihanda, ini-rehearse.

Pero totooing buhay ang nangyari.

At para dagdagan ang harsh reality ng “...Nget, break na tayo,” nang nasa loob na at nagpipigil ng luha, biglang ayaw ihatid si Bless ng tsuper ng taksi sa Valenzuela. Sabi, “Sorry, Miss, trapik dun, saka wala na kong pasahero pabalik. Lugi.”

“Ano ka ba, Manong, taksi ka, hindi ka dapat namimili ng pasahero. Sige, makaalis lang dito, kahit sa Monumento na lang,” tungyaw ng mangiyak-ngiyak nang si Bless. Nasa pinto si Ex. Lukot ang mukha, nakapamewang. Walang tangkang pigilin siya dahil alam naman ng binatang hindi siya papipigil noong mga sandaling iyon. Pero bago pa umusad ang taksi, natanawan ni Bless sa huli niyang sulyap kay Ex, ang pagsenyas nito. Itinapat ni Ex sa tenga ang hinlalaki at sa bibig ang hinliliit ng kaliwang kamay. Senyas na iisa ang kahulugan, “mag-usap tayo sa telepono.” Sinimangutan at inirapan niya si Ex. At iyon ang unang pagkakataong nagpalayaw siya kay Denver ng Ex.

“Miss, kasi, ano kasi, ano, trapik din sa Muñoz at Balintawak...”

“Kahit saan, ilayo mo lang ako dito, Manong.” Kaya inihatid si Bless sa SM North. Ibinalibag niya ang pinto pagsara.

Ibinaba ng tsuper na nakangisi ang bintana. “Galit ka ba, miss?”

“Obvious ba, tanginang ‘to,” muni ni Bless na nakasubsob na ang mukha sa panyo. Bumabalong na ang luha.

“Yanong dugas,” bulong ni Bless sa sarili habang naglalakad patungo sa sakayan ng bus na pa-Valenzuela.

“MISS, BAKA KAILANGAN NG company n’yo ng traktora? Marami kami. Kahit surplus o brand-new galing Japan.” Ganyan ang unang spiel ni Ex sa kaniya nang una silang magkita sa isang regional trade fair ng Calabarzon sa SMX sa MOA. Nagkataon lang namang sinasamahan niya noon ang isang kaopisina, ka-team actually, matapos silang mag-client call sa mall para sa business development venture ng kanilang money-transfer company. Makikipag-tie-up ang kompanya ni Bless sa isang rural bank, ang Rural Bank of Calamba, na maraming branches sa buong Laguna para gawing money-transfer outlet. Sa SMX nangyari ang meeting kasabay ng trade fair. Nagkataon namang maagang natapos ang meeting kung kaya nag-ikot-ikot muna si Bless. Naghiwalay silang magkaopisina sa trade fair at nagkasundo na lang sa oras at lugar sa SMX kapag magkikita na sila.

Bahagya siyang hinatak sa siko ni Ex. Iginala sa booth para makita nang malapitan ang mga naka-display na larawan ng traktora at bulldozer at, “mga heavy machineries na kailangan sa, well, kailangan sa bigating heavy industries,” masigasig na paliwanag ni Ex na may tinge of humor.

Habang iginagala siya sa mga larawan sa booth, ipinapaliwanag ni Ex ang mga specifications ng mga higanteng makina:

“Ito Miss, new model ng Caterpillar, ang 2014 CAT D6T XL, may SU blade na s’ya, tapos syempre kasama na ang multi rippers, system one undercarriage hindi katulad nung sinundang model, wala, may built-in UHF radio, all for the price of 12M. But that includes the service warranty, lifetime, at saka hindi mahirap hanapin ang piyesa, in case. Pwede rin siyang i-rent, especially kung minor formation lang naman, like what Ayala Land did dun sa development project nila sa Batangas. Six months, done. Wala pa kaming segunda mano nito, ang meron kami, this, 2011 CAT D6K LGP,” inalalayan naman si Bless sa katabing larawan ng maskuladong bulldozer. Nagsimula uli ang product spiel.

Kalkulado ang salita. Halatang ilang ulit na itong sinabi ni Ex sa mga potential client ng kanilang kompanya, mga triple A construction compa-

nies, mga land developers, engineering firms, engineering departments ng mga local government units. Wala pang tatlong minuto ang ikot nila ni Bless sa booth dahil alam naman ni Ex na biro lang ang lahat, na wala naman kasi sa mukha ni Bless—wala sa kaniyang ayos at pormang naka-corporate attire—na involved siya, o ang kaniyang kompanya, sa heavy industries.

“Thanks for listening, Miss, uhm, Miss? Miss?...”

“Bless Mallari. Business developer ako sa Western Union...”

“I see, so kailangan nyo nga nito,” sabay turo sa mga larawan ng traktora. “Para i-bulldoze nyo ang pera nyo. Dami n’yong pera t’yak.” Napangiti si Bless. Umiling nang nakangiti.

“Hindi namin kailangan, sorry.” Astang aalis na sa booth si Bless.

“Not at all, in fact, nagpahanda na ako ng brewed coffee dun,” inginuso ni Ex ang isa sa apat na maliliit na aluminyong mesang bilog na may tigdadalawang upuan para sa mga mas intimate na client servicing sa booth nila.

“Sorry pero kailangan ko nang umalis,” habang isinasauli ang mga brochures at flyers na inabot sa kaniya ni Ex habang nag-i-spiel ito sa kaniya.

“Kape lang, Miss Bless, sandali lang ‘to, maliit na tasa, sobrang liit hindi mo na makikita ang kape,” yakag sa kaniya ni Ex, banayad na hawak ang siko ng dalaga. Napasunod si Bless. Umupo sila. Nagpalitan ng calling cards. At para masigurong gumagana ang numero ng cellphone ni Bless, nag-miss call si Ex. Kumiriring.

“Just making sure, lagi na kasi akong naloloko ng mga nagbibigay ng numbers nila. Mukha kasi akong lokohin. Laging inaapi,” ngumiti, lumabas ang dimple ni Ex. Parang sinadya. Na sinadya nga daw pala talaga nang tanungin niya si Ex sa isang date nila noong sila pa. Noong hindi pa Ex si Denver. Noong wala pa sa gunam-gunam ni Bless na magkakakahiwalay sila eventually dahil sa palagay niya’y malabong dahilang pagkukulang sa oras o pagkaasiwa sa tuwing hihiramin at titingnan nito ang nilalaman ng kaniyang telepono. Oo daw, ultimate weapon daw niya ang dimple at ipinapakita lang sa mga gaya ni Bless.

Makisig at matipuno at may kaiitiman si Ex. Malapad ang noo at medyo nakasambulat ang ilong at may kaliitan, 5’5, para sa frame nitong malapad. May bahagyang sungki ang mapuputing ngipin. May limang marka ng

bulutong na nakakalat sa mukha (“high school ako nang magkabulutong, ang kati kaya nakamot ko, kaya ganyan, nagkabutas,” paliwanag ni Ex noong Denver pa siya kay Bless). Kahit mas nababagay kay Ex ang endearment nilang “Nget,” kayang dalhin ni Ex ang sarili, nawawala ang pagka-“Nget” dahil may sapat na confidence, hindi umaapaw, hindi rin naman anemic. Nong unang araw na magkita sila ni Bless, sa trade fair nga sa MOA, kunto-do hapit na long sleeves (“as long as lives,” ang pabirong description ni Ex sa suot niyang off white na long sleeves nang sumunod silang magkita sa Megamall) at makitid na kurbatang itim (“300 pesos, pinakamahal na kapirasong tela,” naman ayon kay Ex) na tinernuhan ng gray na slacks (“nakamaong lang ako lagi sa trabaho, o kaya yung panlusong sa bukid,” sabi ni Ex sa suot niyang de-listong pantalon) at itim na synthetic leather na sapatos (sapilitang ibinenta daw sa kaniya nang hulugan ng kaniyang ateng ahente ng Nathaniel).

True enough, matapos nga ang unang pagkakataong magkita sila sa SMX, lagi na nga lang nakamaong at polo shirt at sneakers si Ex. Kasama sa standard get-up nito ang lagi nang nakasukbit na brown leather messenger bag na Fossil ang tatak (“one thousand two hundred sa ukay-ukay sa Baguio,” paliwanag ni Ex tungkol sa bag) na lalagyan ng brochures at product album.

Yes, bukod sa eksaktong kompiyansa sa sarili—hindi mayabang at antipatiko pero hindi rin naman mahiyain—malakas rin ang humor ni Ex. Kaya hindi nagtaka si Bless sa ganitong posturing ng dating nobyo noong hindi pa “sila,” kailangan kasi sa trabaho ni Ex bilang sales engineer (mas sophisticated daw pakinggan kaysa salesperson o salesman) ang ganoong arrive. Madaldal. Humor-laden na daldal.

HINDI NA SILA NAG-USAP. Matapos ang break-date nila sa Morato halos isang buwan na ang nakalilipas. Hinintay ni Bless ang tawag, o kahit ang missed call ni Ex. Wala. Isa, dalawa, tatlong araw. Wala. Isang linggo, wala. Inisip ni Bless na maaaring ipinadaan ang tawag sa bunso niyang kapatid, kay Mimi na estudyante ng Commerce sa Enverga, kaya dinalasan niya ang pakikipagkumustahan sa pamilya niya sa Lucena para mabanggit sa kaniya si Ex, wala rin. Baka tumawag si Ex sa bestfriend ni Bless, si Terre. Wala rin. Hindi raw tumatawag ni nagtetext. Ni private message sa Facebook. Ni hindi nga halos nag-a-update ng status sa Facebook! Walang paramdam

hanggang sumapit na nga ang kaarawan ni Bless. Kung paramdam ngang matatawag ang “Hbd.”

Isang buwan? Paanong natiis ni Ex ang isang buwan? Ganun lang ‘yon?

“Ganun lang ‘yun,” diin sa kaniya ni Terre habang pinupunasan ang tatlong pink na bowling balls na gagamitin nila sa laro ng sumunod na Sabado matapos ang kaniyang birthday. Hindi marunong mag-bowling si Bless pero sa bowlingan sa mall siya niyaya ni Terre, kaibigan at org-mate na niya buhat pa noong college sa U.E., para maging tengang makikinig sa hinaing ng kaibigan. Nang yayain ni Bless si Terre para magkuwentuhan tungkol kay Ex, anim na letra lang ang sagot nito sa text: “Asa pa u.”

Natuklasan daw ni Terre noong isang buwan nang makasama niya ang sariling kaopisina na pampaalis daw ng tensyon ang pagtira sa mga pins, mas malakas daw makaalis ng tensyon kesa videoke na dati nilang ginagawa. Sa bowling hindi lang litid ng lalamunan ang nababanat, pati muscle sa braso, binti, at balakang, nakakapagkuwentuhan pa sila at nakakakain nang sabay habang pinag-uusapan ang, kung tutuusin, ay hindi na daw dapat pang pinag-uusapan. Si Ex. “Asa pa u.” sabi nga ng text ni Terre.

Ni hindi pa nakakapagpagulong sa tanang buhay ni Bless ng mabigat na bowling ball. Iminuwestra sa kaniya ni Terre ang gagawin para makatama ng pins gayong si Terre man ay pangatlong ulit pa lang ding nagbowling. Itinuro ni Terre ang pagbalanse ng katawan, concentrate, buwelo, dahan-dahang paglapit sa bowling alley, pagre-release sa bola, hugot ng tatlong daliri sa butas, pagtulak nang bahagya. Kahit bahagyang-bahagya.

Kanal sa kaliwa ang resulta ng unang tira ni Bless. Natawa silang dalawa ni Terre. Nang umulit ng tira si Bless, ang dulong pin sa kanan lang ang nahagip. Tawanan uli. Nakakabawas nga ng tensyon. Nakakapagpakalma. “Yanong bigat lang ay...” bulong ni Bless sa sarili. Na narinig ni Terre. Nagkangitian sila. Nagtawanan pagkatapos. Hindi alintana ang mga iba pang naglalaro sa katabing alley na pawang hindi rin marunong magbowling.

Sa bawat halili nila sa pagtira at pag-iskor, nagkukuwento si Bless. Mga kuwentong masisingitan ng tili kapag nakanal, naka-spare, o ng pam-bihirang strike. Ni-recall ni Bless ang usapan nila ni Ex, ang huling masa-sabing maayos na usapan bago ang break-up moment sa pizza parlor sa E.

Rod. Tungkol daw iyon sa career ng bente siete anyos niyang nobyo noon. Noong Denver at Nget pa si Ex. Sa isang fast food sa Mandaluyong, pagkatapos nilang manood ng sine, pagkatapos nilang maghalikan sa loob habang nanonood ng sine dahil pangit ang palabas. Dahil yata sinadya nilang pangit ang panoorin. Hagikgikan ang magkaibigan.

Matapos ang isang set, namahinga ang mag-bestfriend. Hinagod-hagod ni Bless ang binting nangawit sa pagtira, hinahagod habang tumutusk ng siomai.

Very promising daw kasi ang career ni Ex. May tinatarget siyang posisyon bilang regional sales director ng traktora at bulldozer sa Mindanao. Daan daw ang regional sales director para maging Mindanao Sales Head dahil magreretiro na in two years ang may hawak ng titulo. Tulad ng kaniwang conversation nila ni Bless, confident si Ex. Confident magsalita, confident na mapapasakaniya ang minimithing posisyon dahil above par daw ang kaniyang performance, in fact, siya daw ang benchmark ng mga newbies ng kompanya, isama pa ang plano nitong mag-enroll ng MBA sa La Salle o Ateneo dahil masyado raw mahal sa Asian Institute of Management. Rosy career prospects, iyan ang sinabi ni Ex sa plano niya. Sa edad na kuwarenta, dapat daw, Country Sales Director na si Ex. “Traktora King na ako,” pabirong sinabi ni Ex. Sa edad na singkuweta, siya daw ang unang Pinoy na director ng Asia-Pacific. Pero wala doon sa usapan mismo ng career ang pagbabago ng ihip ng hangin, kahit pa totoong hindi nabanggit ni Denver kung nasaan si Bless sa mga plano, na dapat sanang magpabago na ng ihip ng hangin. “By that time may mga anak na tayo, baka tatlo na,” iyon ang bahagi ni Bless sa pangarap ni Ex. May dagdag: “Dapat lagi kang prepared sa paglipat ng titirhan kasi ang mga sales director kapag magaling laging nalilipat.”

Nasa ginawa ni Ex ang nagpabago sa usapan. Nasa palagiang ginagawa ni Ex na lagi namang nagpapairita kay Bless.

Tuwing magkukuwentuhan kasi, kapag nalilingat si Bless, laging dinadampot ni Ex ang kaniyang iPhone. As in, lagi. Noong una, ang akala ni Bless, kukuhanin lang ni Ex ang kaniyang iPhone para maglaro ng Plants Versus Zombies. Inasar pa niya ito ng “Mag-download ka nga ng sarili mong games.” Pero natuklasan niyang hindi games ang dahilan kung bakit niya ito kinukuha. Sinisilip ni Ex ang laman ng kaniyang photo album. Binabasa ni Ex ang kaniyang mga mensahe noong araw na iyon.

Binubuksan ni Ex ang kaniyang Facebook app at sinisilip ang mga private messages.

Hindi naman sa ayaw ni Bless na pinakikialaman ang kaniyang gamit, dahil wala naman siyang inililihim kay Denver, pero iyong pagdampot-dampot, iyong pasimpleng pagsilip kapag nagtetest o nagba-browse siya, iyong tanong nang tanong kung sino ang tinetext o tinatawagan, iyong paglapit ng tenga ni Ex na kunwari’y makikinig, iyong maliliit na gawaing iyon ang ikinakaaburido ni Bless.

Wala naman kay Bless ang nasabi nitong “Ano ba? Nanay ko ‘tong kausap ko noh,” nang minsang kulitin siya ni Ex. Nanahimik si Ex sa buong oras na magkasama sila. Wala rin kay Bless ang biglang agaw niya sa kaniyang cellphone nang dutdutin ito ni Ex habang nakapatong ang gadget sa mesa. Naglundo lang ang lahat nang huli nga silang mag-usap nang maayos. Noon ngang pag-usapan nila ang posibilidad ng promotion ni Ex, at posibilidad din ng pagkadestino sa Mindanao.

Naroon na sila sa parteng sinabi ni Bless na “Okey lang naman akong maghintay, kung okey ka na, okey na rin akong pakasal.” Parang ganiyan. Masaya. Pinipiraso noon ni Bless ang isang slice ng thin crust pizza para kay Ex dahil naubos na ng dating nobyo ang unang slice. Pero habang maingat niyang isinasalin ang slice, kinuha ni Ex ang kaniyang iPhone. Kinalikot. Inagaw ni Bless. Bumagsak ang pizza. Nagalit si Ex. Nagalit din si Bless.

“Ang nagagalit may itinatago,” habang pinupulot ni Ex sa mesa ang tumihayang thin crust pizza.

“Ang walang trust and respect, dapat kagalitan.”

“E di galawin mo rin ang iPhone ko.”

“Sorry pero di ko gagawin ang ayaw kong gawin sa akin.”

Wala nang kibuan. Lumamig na ang pizza.

“So?” si Ex. Napalakas ang boses.

At doon na nga pumasok ang “Go on with your life, Nget. Enjoyin mo na lang nang wala ako.”

AS USUAL, SUMANG-AYON SI Terre. Mabuti daw ang ginawa ni Bless nang matauhan ang lalaki. Kesyo there are lessons daw that “you need to learn the hard way.”

“Lesson para kanino?” kibo ni Bless habang sinisimot ang laman softdrinks.

“Lesson niya, kanino pa, tama naman ginawa mo.”

Noon pa man ay winawarningan na ni Terre si Bless. Mukhang bolero daw ang pangit niyang boyfriend. Nagtatago lang daw sa self confidence ang talaga namang walang confidence at mahinang pagkatao ni Ex.

“Ba’t mo naman nasabi ‘yan?” bahagyang nasaktan si Bless sa sinabi ng bestfriend. May kirot pa rin. Katwiran ni Terre, apat na taon na daw siya sa trabaho sa HR ng call center, alam na niya ang takbo ng isip ng mga tao.

“Sa hitsura pa lang at way of speaking.”

“Yano ay,” walang kahulugang nasabi ni Bless. Hinuhubad na ang inarkilang bowling shoes para isauli.

Maliit na bagay ang galit niya. Sino ba kasi dapat ang umunawa sa impulsiveness ng pagdampot sa gadget ng may gadget. Petty. Napaka-petty.

“Hindi petty ‘yan. Walang petty kapag trust and respect na ang involved,” sumingit si Terre. Hawak na ang bowling shoes na isasauli rin niya. Napalakas pala ang pagsasalita ni Bless. Muli, nakikipag-usap pala siya sa sarili. Dito niya gustong-gusto ang kaibigan. Wala nang pagtataka sa kung ano ang out-of-this-world na ginagawa niya. O sinasabi niya. Dahil sa mga hindi nakakakilala kay Bless, mapagkakamalan siyang “may tama” dahil sa pakikipag-usap niya sa sarili nang malakas. Ilang ulit niyang narinig ang “Nababaliw ka ba, Nget?” kay Ex bago sila maghiwalay. Kay Ex. At wala nang magbabago pa sa tawag niyang ito sa lalaking mistula ngang hindi siya nakilala man lamang. Pero ito ang dahilan kung paano niyang higit na nakilala ang sarili. Totoo sa kaniyang pangalan. Kaya pag-uwi ni Bless sa Marulas, ginawa niyang “single” ang kaniyang status sa Facebook. Single, for the entire world to know. Sabay block sa account ni Ex.

Movovug: Isang Diksiyunaryo*

Amado Anthony G. Mendoza III

I

Wala na raw makakausap nang maayos sa Ugac-Anafunan Sur. Sira raw ang ulo ng mga tao roon, ang sabi ng iba. Baryo ng tango at tanga. Iyan ang tawag ng mga tao sa mga residente ng baryo. Kapag daw kasi binati ng magadang umaga, ngiting may kasabay na mabilis na pagtango lang daw ang paulit-ulit na isasagot sa kausap. Ganun din daw ang tugon kapag magtatanong ng direksyon o di kaya’y makikisuyo ng gatas o mantika. Nagbabago lamang daw ang tugon ng mga taga-Ugac-Anafunan Sur kapag sila’y tinanong kung bakit hindi sila makasagot nang matino. Kung bakit sila tila nauumid at hindi makapagsalita. Kapag ganun na raw ang takbo ng usapan, dagling mapapawi ang ngiti sa mukha ng isang taga-Ugac-Anafunan Sur, at bigla na lamang nitong iiwanan ang kausap. Wala na ring nakatira ngayon sa baryo. Mas pinaspasan at pinatindi na kasi ang operasyon ng pagmimina doon kaya bantay-sarado na ang militar. Haharangin at kakastiguhin (kapag nagpumilit, sisikaran pa nila ng mag-asawang tadyak sa tagiliran) ng mga ito ang sinumang magtatangkang pumasok nang walang Mayor’s permit o kaya ID na magpapatunay na empleyado ang isang indibidwal ng Greater Landscapes Mining, Co.

Walang makapagpaliwanag kung paano’t bakit nangyari ang gayon sa mga taga-Ugac-Anafunan Sur. Basta’t ang sabi ng matatanda, nag-

Note: Part of a novel-in-progress

simula ang lahat pagkatapos ng isang pagkalakas-lakas na bagyong tumagal ng isang linggo. Na tila ba tinangay ng bagyong iyon—at ng mga kabarkada nitong alon—nang tumungo na itong Taiwan ang kakayahan ng mga taga-Ugac-Anafunan Sur na magsalita. Mahigit dalawang taon na mula nang manalasa sa baryo ang bagyong iyon. Pero para sa mga residente ng mga karatig baryo, parang kahapon lang nang mangyari ang lahat. Sa pakiwari nila, tumigil ang oras, natapilok, napilayan, at hindi na makalakad nang maaayos upang tuparin ang kaniyang tungkulin at kaganapan.

Ang mababasang manuskrito ay produkto ng panayam sa ilang eksperto at katutubo ng lugar, pagsusuri sa mga naiwang ebidensya, interpretasyon ng mga opisyal na dokumento’t ulat, nasagap na tsismis mula sa mga trabahador ng isang pagawaan ng milk candy sa Lal-lo, sabi-sabi mula sa mga munisipyo at karatig baranggay, at sariling pabulasyon—tulad ng laging ginagawa ng mga manunulat—ng isang pangyayaring anumang oras (bukas o sa kamakalawa) ay maaaring mabura sa opisyal na alaala ng kasaysayan.

II

Ang Insidente

Una raw naglaho sa pangungusap ng mga residente ng Ugac-Anafunan Sur ang mga pangngalan. Kasama na nito, siyempre, ang kanilang mga pangalan. Hindi nagtagal sumunod na rin, tulad ng mga napapanis na laway sa dulo ng kanilang dila, ang mga panghalip, pangatnig, pang-abay at pang-ukol. Nagsimula raw ang lahat sa mga pangungusap na hindi matuldukan, mga salitang nabibitin sa dila’t waring tinatangay ng hangin, at sa paglaon, nasundan ng mahahabang pangangaral, pag-uutos at pagpapaliwanag na susuklian lamang ng mga bata ng matabang at matamlay na pagtango. Pagsapit ng ikaapat na araw, mistulang nag-i-estakato na sa kanilang pananalita ang mga residente ng baryo. Naging karaniwan at mistulang cute ang salitang-sanggol (hal., kain ako pagkain). Sa ikalimang araw ng pambalarilang paghuhunos, ganap na ang pagkakapilipit ng dila ng mga residente ng Ugac-Anafunan Sur. Dumating pa nga ang punto na sa kaloob-looban ng mga residente ng baryo, natanggap na nilang darating ang araw na talagang hindi na sila makapagsasalita pa. At medyo malapit

nga sa kanilang mga hinuha ang nangyari.

Napansin na rin daw ito ng matatanda sa mga batang pulos pagtawa, pag-iyak at pagsigaw ang itinatugon sa kanilang mga tanong o paalala. Kung may isasagot man sila, palagiang mga pandiwang nasa pangkasalukuyang panauhan (hal., “away” ang panumbas nila sa anumang bagay na masama o kinagagalitan—hal., ang pagmimina ng magnetite) at mga karaniwang pang-uri (hal., “pagod” ang katumbas ng ekspresyong “ayoko nang maglaro”) ang tugon ng mga bata sa kanilang mga magulang. Kapag hindi pa rin sila magkaintindihan, dadaanin sa paggiling (kapag gustong baybayin ang isang salita), paglupasay sa lupa (kapag may hinihinging hindi maibigay), pagtambing at pagkembot (kapag gustong ipagyabang isang bagong natutuhan na salita) ang usapan. Pagkalipas naman ng isang buwan, kasabay ng pagkamalay ng mga residente ng Ugac-Anafunan Sur sa pagkawala ng mga nabanggit na bahagi ng kanilang balarila, ay ang hindi maipaliwanag na paglimot nila sa lahat ng salitang pambalang. Noong panahong iyon, ang natira na lamang sa mga residente ng baryo ay ang kakayahang mailarawan ang kanilang masaklap at di kapani-paniwalang karanasan sa pamamagitan ng pagtangis, minsanang pagdadabog at magdamag na pagtanga sa may dalampasigan. Sa isip ng mga residente, alam nilang hindi na nila pwedeng tawaging pansit batil-patung ang pansit batil-patung. Pero alam nilang niluluto at kinakain pa rin iyon sa ibang lugar. Hindi na nga lang nila magawang matumbasan ng pinakatumpak na salita. Kung kaya’t sa malawak na kategorya ng pandiwang “kumain” o “kinnam” (ang pandiwang panumbas sa anumang akto ng pagkain) na lamang nila matutukoy ang naturang paboritong meryenda.

Sa puntong iyon, ang halos lahat ng bagay, damdamin, karanasan at pangyayari sa buhay ng mga taga-Ugac-Anafunan Sur ay nawalan ng salitang panumbas. Ang ulap para sa kanila’y mistulang mga hugis-tumpok sa langit na walang detalye, walang lalim, walang kanto, walang kurba, walang sukat. Ang mapayapang asul ng dagat ay nagmistulang kulay na walang kinakatawan o sinisimbolo. Ang pinong buhangin sa dalampasigan, teksturang walang nakararamdam, daungang mabuway ng mga bangkang pangisda. Mga katangiang walang tiyak na katauhan at nilolooban. Sa madaling sabi, isang espontanyong rudimentasyon ng wika ang naganap sa Ugac-Anafunan Sur.

Pagkalipas ng isang taon, ayon kay Federico Magdaraog, matapos ang biglaan ngunit mahinay na proseso ng paglimot at pagkapipi¹, ang baryo'y tuluyang nilamon ng alon, asupre at buhangin.

Ang Baryo

Isang maliit na baryong malapit sa dalampasigan ang Ugac-Anafunan Sur. Ayon sa ikalawang tomo ng *Britanika Filipino* (1957), ang unang tekstong nailimbag na naglaman ng impormasyon tungkol sa baryo, matatagpuan ang Ugac-Anafunan Sur sa pagitan ng mga bayan ng Abulug at Pamplona. Subalit batay naman sa mga dokumento mula sa munisipyo ng Tuguegarao noong 1986², walang baryo o baranggay na Ugac-Anafunan Sur ang matatagpuan sa anumang sulok o pagitan ng nabanggit na dalawang bayan.

Ang nasa listahan lamang ay ang sumusunod: Atulayan Norte, Atulayan Sur, Ugac Sur, Ugac Norte, Anafunan Sur, Anafunan Norte. Kung hahanapin ang pagkakatulad ng mga nabanggit na baranggay, mahihinu-hang ang lahat ay matatagpuan sa Tuguegarao. Kung pagtatambisin naman ang lahok sa *Britanika Filipino* at dokumento galing sa Tuguegarao, agad mapapansin ang isang heograpikal na kontradiksyon.³ Mas tama kasing sabihin na matatagpuan ang baryo sa isla ng Aparri o Gonzaga. Dahil sa lahat ng munisipalidad sa probinsya ng Cagayan, ang dalawang nabanggit

1 Sa ganoong paraan inilarawan sa akin ng kaibigang si Federico Magdaraog, dating nagsilbing inhinyero para sa Greater Landscapes, Co., ang sinapit ng mga residente ng Ugac-Anafunan Sur. Noong una'y hindi ko talaga mapaniwalaan ang mga isiniwalat niya. Paanong magiging biglaan ang isang bagay na dahan-dahan? Pero naisip ko, di ba't dahan-dahan rin namang pinapatay ng cancer ang mga biktima nito. Ngunit sa kabila nito, hindi nawawala sa mga biktima nito ang pakiramdam ng pagkabigla. Isang pagkabigla na bunga ng kawalan ng kahandaan (o sa kasong iyon, ng kahungkagan ng anumang uri ng paghahanda).

2 Medyo alangan ako sa dokumentong ito. Una sa lahat, kuwestyonable ang nakasaad na petsa at oras ng pagkakakumpleto nito. Nobyembre 7 1987, alas-tres ng hapon, ang nakasaad na petsa ng pagkakakumpleto sa dulo ng dokumento. Kung gayon, paanong nangyaring mayroon nang dokumento noong 1986 na pwedeng ipakopya ay ihanda para ipamahagi, halimbawa, sa sinumang mananaliksik? Pangalawa, maraming mali sa pagbaybay at pagbabantas ang dokumento. Mga pagkakamali na hindi pwedeng isawalang-kibo o ipagkibit-balikat na lang. Nariyan ang manakanakang maling pagbaybay sa "Tuguegarao," na lumilitaw sa dokumento bilang "Tugegarao." Hindi rin madalang ang mga pagkakataon na ang isang pangungusap, imbis na wakasan ng tuldok, ay tutuldukan ng isang kuwit. At huli, walang pirma ng maski sinong municipal engineer o land surveyor ang dokumento. Isang bagay na mas lalong nagpapatindi sa aking pagdududa sa berasidad ng dokumento.

3 Isang bagay na hindi na dapat pagtakhan kapag pagpapanatili at pag-aalaga sa seguridad ng mga dokumento ang pinag-uusapan.

lamang ang masasabing talagang napapalibutan ng dagat. Bagaman malapit sa karagatan, wawa lamang ng ilog ang malapit sa mga bayan ng Pamplona at Abulug. Isa pa, kung babalikan ang nakasaad sa *Britanika Filipino*, binanggit na nasa pagitan ng dalawang bayan ang Ugac-Anafunan Sur. Kung iyon nga ang totoo, hindi ba't sinasalungat nito ang naunang topograpikal at heograpikal na paglalarawang ibinigay ng *Britanika Filipino*?

Upang mabigyan ng solusyon ang problemang ito pagdating sa pagkumpirma sa mga datos, hayaan ninyong magbigay ako ng dalawang mungkahi—dalawang proposisyong walang uuwing talunan. Para sa mga mambabasa, agad masosolusyonan ang isang pagkakamali at aberasyong nagpapanggap bilang katotohanan kung ituturing na lamang ito bilang isang kaso ng “human error.” Panglawa, para hindi na maubos ang oras ng mambabasa sa kakakonsulta sa mga mapa, atlas o libro sa kasaysayan, isipin at paniwalaan na lang natin na talagang matatagpuan sa munisipalidad ng Gonzaga ang Ugac-Anafunan Sur. Ano ang bentahe ng mungkahing kong ito? Una, sa lahat ng mga nabanggit na bayan na sinasabing pinaglalagyan ng baryo, tanging ang Gonzaga lamang ang may mahaba at nakatalang kasaysayan ng pagmimina ng magnetite. At dahil ang magnetite ay matatagpuan lamang sa ilalim ng dagat at ang bayan ng Gonzaga ang pinakapaborableng base para sa anumang operasyon ng pagmimina, lohikal lamang ang asersyong matatagpuan ang baryo sa naturang bayan.

Kaugnay nito, bukod sa ang Gonzaga’y islang napapalibutan ng dagat, nakapagbibigay rin ng eksotikong tekstura sa naratibo ang katotohanang sa bayang ito matatagpuan ang sinasabing natatanging aktibong bulkan sa lalawigan ng Cagayan: ang Mt. Babuyan. Kung babalikan ang panayam kay Federico Magdaraog, binanggit niyang “nilamon ng alon, asupre at buhangin ang baryo.” Hindi natin alam kung paniniwalaan natin sa literal na lebel ang pahayag ni Magdaraog tungkol sa sinaspit ng baryo, o titingnan natin ito bilang isang pagmamalabis ng taong nakasaksi ng isang kagila-gilalas na pangyayari. Gayunpaman, hindi naman siguro kalabisan kung ituturing ang salitang asupre bilang pahiwatig ng pag-iral ng isang aktibong bulkan. Muli, ang bentahe nito para sa mambabasa ay ang pagkaabswelto niya sa pagkonsulta sa anumang libro tungkol sa mga bulkan sa Pilipinas. Ang bentahe naman nito para sa akin, sa kabilang banda, ay ang pagkandili sa ilusyon ko na isang kuwento ang teksto, at sa pamamagitan ng pagkilalang iyo’y manatili ang posibilidad na mabago ko pa ang mundo

sa loob nitong batbat ng kontradiksyon at tunggalian.

Ngayon naayos na ang gusot hinggil sa lokasyon ng Ugac-Anafunan Sur—na hindi nangangahulugang naayos na rin ang iba pang gusot sa naratibo—balikan naman natin ang naudlot na salaysay tungkol sa wika ng mga residente ng baryo.

Itawis, Ibanag at Ilokano ang mga pangunahing wikang sinasalita ng residente ng Ugac-Anafunan Sur. Pero kung kinakailangan, lalo na tuwing may mga dayo galing sa Maynila, kaya rin nilang managalog at mag-Ingles. Nang una kong marinig kay Magdaraog ang kuwento, ang una kong reaksiyon ay: Di ba't multilingual naman ang mga taga-Cagayan? Oo, ang sagot niya. Ang tanong ko ulit: Ano 'yun, nalimutan nila lahat ng pangngalan at pandiwa sa lahat ng wika? Hindi niya ako sinagot. Nadismaya yata siya sa tanong kong iyon. Kahit ako, nang binabalikan ko na sa isip ko ang pag-uusap naming dalawa, natangahan sa sarili kong tanong. Upang saluhin ang pag-uusap naming dahan-dahang ginagapang ng nakasasakal na katahimikan, nagtanong ulit ako: Alam na ba ito ng mga kinauukulan? Tiningnan niya lang ako, iyong tingin na blangko. Iyong tingin ng isang taong bahagyang natulig at natigilan sa kaniyang pagmumuni.

Pinigil ko ang anumang udyok na ulitin ang aking tanong. Sapat na sa akin ang isang beses sa isang araw na maturingang impertinente. Di bale nang magmukhang tanga sa kahihintay, huwag lang makapambastos ng kapwa. Nagkasya na lamang ako na pinapanuod siya habang inaayos niya ang pagkakasuot ng kaniyang salamin. Pero pagkaraan, matapos magpantay-lapat ang kaniyang lente sa kaniyang mga mata, binasag rin niya sa wakas ang katahimikan: "Pasensya ka na, Arnold, mukhang di ko masasagot ang tanong mo." Sasabihin ko sana kay Magdaraog na hindi problema iyon, na hindi siya obligadong sagutin ang mga tanong kong tumutulay sa pagitan ng katangahan at kabastusan, nang bigla niyang inabot sa akin ang isang malaki at may kakapalang aklat.

"Baka makatulong sa 'yo, Arnold. Hiramín mo muna. Bigay 'yan sa 'kin ng bayaw kong dating nakatira doon."

"Salamat po. E di ano rin po siya ... ano...di na nakakausap?"

Tinawanan lang niya ang tanong ko, sabay tayo sa kaniyang kinauupuan—na tiyak kong isang pailalim na paraan upang sabihing pwede na akong umalis, tapos na ang aming pag-uusap. Kaya naman para hindi mapahiya, tumayo na rin ako't inabot ang kamay ko sa kaniya.

Nakangiti naman niyang inabot sa akin ang kaniyang kinakalyong palad at binilinan akong mag-ingat sa pag-uwi. Kipkip ang ipinahiram na malaking aklat, lumabas ako ng kaniyang bahay nang hindi mapalagay, napapaisip kung may nasabi ba akong mali o wala sa lugar.

III

Ang Diksyunaryo

Mga ilang araw muna ang lumipas bago ko naaalalang buklatin ang aklat—na isa palang diksyunaryo—na ipinahiram sa akin ni Magdaraog. Walang anumang pamagat ang nakatitik sa pabalat nito. Pagkabuklat ko’y unang tumambad sa akin ang pahinang may nakasulat—sa malalaki’t itim na letra—na “movovug,” na kung tama ang pagkakaalala ko’y nangangahulugang “magsalita” sa wikang Itawis. At mula roon, nahinuha ko na ang aklat na hawak ko ay posibleng isang diksyunaryo. Diksyunaryo ng mga taong nakalimot⁴ (o may nagpalimot) kung paano magsalita, diksyunaryo ng mga nakalimot kung paano ihahayag ang kanilang pagkaapi.

Walang nakasaad na awtor, lugar at petsa ng pagkakalimbag sa anumang bahagi ng diksyunaryo. Wala ring paunang salita o paliwanag tungkol sa teknikalidad at mga nilalaman nito. Ang naroroon lamang ay isang epigraph na may kalabuan dahil sa paraan ng artikulasyon nito: *sarita mattalaw*. Sarita? Mattalaw? Sarita... Mattalaw... Ilocano para sa kuwento ang sarita, samantalang Itawis naman para sa matakot ang mattalaw. Bagaman medyo nag-aalangan ako sa sarili kong mga haka’t interpretasyon tungkol sa kahulugan ng mga salita, wala akong magagawa. Walang ibang rekursu. Kung talagang ganoon kalala ang sinapit ng mga residente ng Ugac-Anafunan Sur, hindi na siguro kalabisang isipin na maaaring ipinahihiwatig ng dalawang salitang iyon (na nakapaloob rin sa diksyunaryo) ang kuwento ng kanilang pagkawasak—isang naratibong tigib ng takot at pagdurusa.

⁴ Bago ito sa akin sapagkat kaiba sa proyekto ni Danilo Kis sa kaniyang kuwentong *Encyclopedia of the Dead* kung saan tampok ang isang malaking encyclopedia na naglalaman ng buong talambuhay ng isang taong sumakabilang-buhay, sikat man o hindi. Ang Movovug naman, sa kabilang banda, ay diksyunaryong nilikha ng mga taong hindi na makapagsalita nang maayos. Ang hindi malinaw sa akin ay ang intensyon nila sa paglikha. Maitatanong tuloy: isinulat ba ang diksyunaryo para lumikha ng bagong mga salita? O isinulat ito para maipalaiwanag nila sa tao ang sinapit nilang malagim na kapalaran?

Nahahati sa apat na bahagi ang diksyunaryo: “movovug,” “kontar,” “mattalaw,” at “makkokog.” Laman ng bahaging movovug ang, sa hinuha ko, mga salitang pang-araw-araw ng mga residente ng Ugac-Anafunan Sur. Matatagpuan sa bahaging ito ang mga salitang kumain, matulog, magtago, tumakbo, magluto, magtanim, mangisda. Mga salitang malapit sa uri ng pamumuhay na namamayani sa munisipalidad ng Gonzaga. Kaiba sa nakasanayan nating diksyunaryo, medyo pekyulyar ang pagkakaayos ng mga lahok sa diksyunaryo: may nakalaan na tatlo hanggang sampung pahina para sa bawat salita. At imbis na mga pormal na depinisyon, bigkas, at leksikograpong pagbabaybay, mga ginuhit na larawan ang tumatayong depinisyon para sa mga lahok.

Para sa lahok na *makkokog*, halimbawa, may nakalaan na isang buong pahina para isang detalyadong larawan ng barena (na ayon kay Magdaraog ay barena na inangat pa sa Australia para lang sa pagmimina ng magnetite). Salungat naman sa anumang lohika ng pagkakasunod-sunod at kawsalidad, sunod namang tatambad ang larawan ng isang batang nakatayo sa isang mataas na burol ng buhangin, tinatanaw ang dagat at ang dalampasigan na pinaradahan na ng mga traktora, tinayuan ng mga naghuhumindig na himpilan, at nagtataglay ng malalalim na hukay na nagkalat sa kahabaan ng isla. Na para bang ang gustong sabihin, ang nais ipabatid, ang hindi mabigkas, ay ang katotohanang produkto ng ng isang urong na paggalaw ng kapital ang sinkretikong tanawing minamasid ng bata sa larawan.

Hindi rin pambihira at nakapagtataka ang paulit-ulit na paggamit sa ibang lahok ng iisang partikular na larawan. Makikita, halimbawa, sa lahok na *mattalaw* ang larawan ng barena na matatagpuan sa lahok na *makkokog*. May pagkakataon pa nga na lumilitaw sa mahigit limang lahok ang isang larawan. Ito ang kaso para sa mga lahok na *iturat*, *movovug/mergo*, *kinnam*, *kontar*, at *matindyan*. Sa pinakamadaling paglalarawan, tampok sa nasabing larawan ang limang residente ng Ugac-Anafunan Sur (dalawang matanda, tatlong bata, tatlong babae, dalawang lalake) na hubong nag-uumpukan sa harap ng himpilan ng mga minero. Ngunit ang talagang kakaiba’t kabigha-bighani sa larawang ito ay ang suson-susong kahulugang taglay nito. Naging posible ang nasabing multiplisidad ng kahulugan dahil sa pagkakaroon ng nasabing larawan ng iba’t ibang bersyon nang hindi lumilihis sa orihinal nitong konsepto, aksyon at tema: ang pag-uumpukan. Sa madaling sabi, ang pagpapanatili sa pangkalahatang ideya at konsepto ng larawan ay hindi

naging hadlang sa pag-iral ng iba't ibang bersyon ng larawan alinsunod sa kahulugang nais ipaunawa ng isang partikular na lahok. Sa katunayan, nakatulong pa nga ang naturang pag-uulit upang mas lalong lumawak ang kahulugan ng konsepto ng pag-uumpukan.

Kapag ininspeksyong mabuti ang larawan, halimbawa ang bersyon ng larawan sa lahok na *kinmam*, ang simpleng umpukan ay nagiging isang picnic kapara ng mga eksena ng picnic sa mga pelikulang Pilipino noong dekada nobenta: may nakalatag na makulay na tela sa may buhanginan; sari-saring pagkain na tapat sa okasyon tulad ng tsitsirya, lahat ng klase ng prutas, at hotdog na pinalaman sa pandesal; batang nagpapalipad ng saranggola; at ang ekspresyon sa kanilang mga mukha at disposisyon na nagpapahiwatig na anumang oras, basta may timbre mula kay direk, ay pwede silang magtanghal ng isang umaatikabo't bigay-todong production number.

Kung papansinin naman ang bersyon ng larawang tampok sa lahok na *kontar*, imposibleng hindi mapansin ang mas madilim, matamlay, at mapanglaw na dating ng larawan, na marahil bunga ng mas madidiin na paghagod ng lapis sa papel. Kapansin-pansin rin sa naturang bersyon ng larawan ang mas yayat na pangangatawan at lumuluwa nang mga mata ng taong nasa larawan. Kaugnay nito, kakatuwa rin pansinin ang mapagbantay at naghihinalang paraan ng pagmasid ng limang residente sa himpilan ng mga minero. Iyong tipo ng pagmasid na may malisya't pag-iimbot, na para bang kung may pagkakataon lang, bukas na bukas, ay pasasabugin na nila ang himpilan upang magsaabo at magsabuhangin na rin ito (kasama ang mga minero) tulad ng magnetite na sakim nilang minimina.

Tungkol sa pag-aakda, hindi lang ng mga lahok kundi ng mga larawan na kaakibat nito, walang nakasaad sa diksyunaryo kung sino o sinu-sino ang sumulat at gumuhit ng mga ito. Tinanggap ko agad nang walang pagdududa na mismong mga taga-Ugac-Anafunan Sur ang lumikha sa diksyunaryo. Ang katiyakang ito'y maiuugat rin sa katotohanang nananalig ako sa mga ibinahaging impormasyon sa akin ni Magdaraog. Ngunit higit pang mahalaga sa anumang kahingian upang siyasatin ang mga partikularidad tungkol sa pag-aakda, mga batis, at pinagmulan ng diksyunaryo—dahil sa huli, sa kabila ng masinsing pagsisiwalat ng mga ito, hindi rin naman ito bibigyang halaga ng karaniwang mambabasa—ay ang kapansin-pansing pag-iiba-iba sa estilong ginamit sa pagguhit ng mga larawan. Sa isang banda,

maaaring pahiwatig ito na maraming sangkot sa paglikha ng diksyunaryo. Na malaya ang sinumang residente ng Ugac-Anafunan Sur na mag-ambag ng kaniyang sariling lahok. Ngunit sa kabilang banda, maaaring isipin na produkto ng malikot na imahinasyon ng iisang tao ang nag-iiba-ibang estilo ng pagkakaguhit sa mga larawan.

Nang tanungin ko si Magdaraog tungkol sa pinagmulan at pag-aakda ng diksyunaryo, isang blangkong tingin lang ang itinugon niya sa akin, na parang sinsabing “parehas lang tayong nangangapa.” Dagdag pa niya, hindi na mahalaga kung sino o sinu-sino ang nagpasimuno sa paglikha ng diksyunaryo. Naturalmente, tinanong ko siya kung bakit ganuon ang kaniyang pananaw.

“Ikaw ba, kung meron kang kasalanan pero di mo naman napagbayaran, gugustuhin mo pa bang ungkatin ‘yon?”

“Ano pong ibig n’yong sabihin?”

“Na hindi abswelto ang buong lalawigan sa sinapit ng Ugac-Anafunan Sur...”

“Kung ganun lang po, ano pang silbi ng lahat ng ‘to? Bakit n’yo pa sinasabi ang lahat sa ‘kin?”

“Hindi ako tulad nila, Arnold. Naduwag lang ako. Alam kong wala akong magagawa, pero ayoko rin mamatay nang hindi nagsasalita.”

“Sinong nila? ‘Yung mga taga-Ugac-Anafunan Sur?”

“Hindi, Arnold. Wala silang kasalanan dito. Sa katunayan, sila pa itong nagpatuloy sa pagtutol at pagsasalita.”

IV

Ang Mga Kritiko

Walang teksto ang sa simula’t sapul ay naputungan na ng koronang “kinakailangan.” Maraming digmaang—digmaan ng salita, pagbasa, interpretasyon, sensura, impluwensya, at kung minsan, ng kamao—pinagdadaanan ang isang teksto bago ito hirangin bilang kinakailangan. Bilang bahagi ng kapita-pitagang kanon. At sa paglipas ng panahon, sa ibayong institusyonalisasyon at burukratisasyon ng panitikan, mas naging mahigpit (at hungkag) ang mga rekisito upang mapabilang ang isang teksto sa kapita-pitagang listahan ng mga akdang kailangang basahin. Ang sabihing

dumaan rin sa ganitong proseso ang diksyunaryong *Movovug* ay isa na lamang pag-uulit sa isang bagay na alam na ng lahat. Ang pagkakaiba lang, siyempre, ay hindi naigawad sa *Movovoug* ang koronang iyon.

Sumasang-ayon ang lahat ng kritiko ng *Movovug* sa pag-iral nito sa pinakapaimbabaw na antas. Ibig sabihin, naniniwala silang totoo ang libro, na nahahawakan, nabubuklat at, kung nanaisin, ay maipanghahampas ito sa sinumang tampalasang magdududa sa pag-iral nito. Napapatid lamang ang diwang ito ng pagkakaisa pagdating sa dalawang pundamental na usapin: ang (1) pinagmulan ng diksyunaryo at (2) ang awtentisidad ng nilalaman nito.

Isa si James Tumaliwan, dalubhasa sa wikang Ibanag at Itawis na tubong Piat, sa mga pinakamatinding kritiko ng *Movovug*. Ayon sa kaniya, kaduda-duda ang isang diksyunaryong hindi kumikilala sa mga batis nito. Dagdag pa niya, kung susuriin sa linggwistikong antas, talagang kuwestyong nable ang karamihan sa mga lahok nito. Dahil kung totoo mang nawalan na ng kapasidad ang mga residente ng Ugac-Anafunan Sur na gumamit ng mga pangngalan, pang-uri, pangatnig, at iba pang bahagi ng wika, hindi agad ito nangangahulugan na mawawalan sila ng kakayahang maintindihan ang mga ito. Hindi ibig sabihin, giit niya, na hindi sila nakakagawa ng paraan upang ihayag ang kanilang saloobin. Maaaring nakaranas ang mga residente ng Ugac-Anfunan Sur ng isang uri ng kapansanan o kakulungan sa paghahayag; gayunpaman, hindi ito sapat para hinuhaing tuluyan silang nawalan ng kapasidad na gamitin ang mga nabanggit na bahagi ng wika't balarila. Hindi lamang pagsasalita ang batayan ng kasanayan sa wika, mahalagang aspekto rin ang pag-intindi at pag-isip sa pamamagitan nito.

Upang pagtibayin ang kaniyang argumento, tinukoy ni Tumaliwan ang napansin niyang katangian ng “substitution” o “pagtayo bilang kapalit” na taglay ng ilang partikular na lahok sa diksyunaryo. Sa kaniyang sanaysay na pinamagatang “*Mergo et Movovug*” (na literal na kahulugan sa salitang Itawis ay “Magsalita at Salita”), isiniwalat niya ang pundamental na pagkakamali ng diksyunaryo. Ito ang bahagi ng sanaysay na pinakasumapul at pinaka-nagpatampok sa argumento ni Tumaliwan:

Hindi kailanman magiging pandiwa ang salitang ‘movovug.’ Isa itong pangngalan na ang kahulugan ay salita. Malaki ang pagkakaiba ng ‘salita’ at ‘magsalita.’ Ang una’y tumutukoy sa isang konsepto o bagay, samantalang ang

pangalawa ay tumukoy sa isang uri ng pagkilos. Sa wikang Itawis o Itawit, “mergo” at ang iba nitong mga panauhan at anyo (hal., kergo, maka-ergo, atbp.) ang ginagamit para ipahiwatig ang kilos ng pagsasalita. Isang napalaking pagkakamali ang gamitin nang halinhinan ang dalawang salita. Nakagigimbal—oo iyon ang tamang salita—na mayroong ganitong klase ng teksto na iginigiit ang sarili bilang isang diksyunaryo. Isang malaking kalapastanganan ang ituring na seryosong diksyunaryo ang Movovug. Kung anuman, isa itong hilaw na pagtatangka na hindi pinag-ukulan ng tamang paghahanda at masusing pananaliksik.

Interesante naman ang pananaw ni Cornelio Bacod, isang guro sa elementarya mula sa Tuao, tungkol sa integridad ng Movovug. Para kay Bacod, bukod sa problema ng diksyunaryo tungkol sa kawastuhan ng mga lahok nito, itinuturing rin na malaking kahinaan ang kawalan nito ng tiyak na ilustrador o grupo ng mga ilustrador. Kung bubusisiin kasing mabuti ang mga larawan, agad mapapansin ang malaking pagkakaiba ng mga ito sa isa’t isa sa dalawang aspekto: kasangkapang ginamit sa pagguhit at estilo ng pagkakaguhit. May mga larawan na ginuhit gamit ang bolpen na pabugso-bugso ang labas ng tinta. Mayroon rin ginuhit gamit ang hindi pa pinagbabagang uling. Sa lahok na *kinam*, halimabawa, may mga lahok na ginuhit gamit ang tira, labi, buto o pinagbalatan ng partikular na pagkain. Halimbawa, ang isang larawan ng mangga ay binuo sa pamamagitan ng pagdikit ng ilang pinatuyong buto nito sa isang pahina (Ang ibang mas malilikhaing larawan tulad ng ilang hibla ng canton na ininugis bilang mga malalalim na hukay at binudburan ng sunog at dinurog na chicharon ay tiyak na kumakatawan sa mga pang-araw-araw na reyalidad na kinakaharap ng mga taga-Ugac-Anafunan Sur—ang talamak na pagmimina sa kanilang lugar.). Pero ang talagang namumukod-tangi sa lahat ay iyong mga larawang iginuhit sa pamamagitan ng dugo. Karamihan sa mga larawan na ito ay matatagpuan sa lahok na *mattalaw* at *makkokog*. Muli, giit ni Bacod, isang itong paraan upang ipakita ng mga residente ng Ugac-Anafunan Sur ang kanilang pagkumdenda sa kasalukuyang kaayusang umiiral sa kanilang baryo.

Isa pang bagay na hindi mapaniwalaan ng marami, kahit mismo ng mga tubong-Cagayan, ay ang kuwento sa likod ng diksyunaryo. Para sa

kanila, ang kuwento ng mga residente ng Ugac-Anafunan—ang kawalan nila ng kakayahan gamitin ang kalakhan ng pinakamahahalagang bahagi ng wika—ay hawig sa mga kuwento ng isang lasing na kutsero at durog na tsuper ng padyak. Sa madaling sabi, kuwentong inimbento para may ipagmalaki sa mga kainuman. Kuwentong ipantatapat sa iba pang kuwentong singbaligho at singkwestyonable ng mga magiging palusot nila sa kanilang mga misis kapag inumaga na sila ng uwi.

Sa kabila nito, at ayon ito kay Magdaraog, hindi kinapos ng tagasuporta ang diksyunaryo. Sa loob ng ilang buwan, naging laman ng mga pahayagan, usap-usapan sa radyo, at bukambibig sa mga umpukan ang nangyari sa Ugac-Anafunan Sur. Sumiklab pa nga ang ilang debateng linggwistikong dahil dito: ang mga nagsusulong ng “Universal Grammar” laban sa mga kritiko nito. Ayon sa mga kritiko ng Universal Grammar, patunay ang sinapit ng mga residente ng Ugac-Anafunan ng kakulangan ng teorya ni Chomsky, na akma lamang ito sa mga wikang Europeo at Anglo-Amerikano. Dagdag pa nila, kung iginigiit ng teorya ni Chomsky ang unibersalidad ng pagkatuto ng balarila, dapat rin nitong bigyan ng pansin ang bisa ng unibersalidad ng salungat na proseso: ang kawalang ng kakayahan na kumilala ng istruktura ng wika’t balarila. Isa sa mga nagsusulong ng teoryang ito ay ang dalubwikang si Cynthia Laxamana. Sa kaniyang sanaysay na ‘Balarila at Paglimot’, ipinagdiinang niyang araw-araw na nakakamit ng pambalarilang kasanayan ang isang tao, pero araw-araw rin siyang nakalilimot ng mas luma o hindi ginagamit na kasanayan. Para sa kaniya, ang nangyari sa Ugac-Anafunan Sur ay isang pambihirang kaso ng paglimot ng isang pambalarilang kasanayan. Kung nalimutan ng mga residente ng baryo kung paano gamitin ang mga pangngalan at iba pang bahagi ng balarila, tiyak na may pumalit na kasanayan at kakayahan rito.

Sa kabilang banda, noong unang pumutok ang balita tungkol sa kontrobersyal na diksyunaryo, may ilang pulitiko ang nagpakita ng interes dito. Pero hindi rin nagtagal ang kanilang interes. Sa huli, usapin pa rin ito ng pera. Ng episyenteng paggamit nito sa pangangampanya at pagpapanatili ng kapangyarihang pulitikal. Hindi naglaon—nang mapagtanto nilang walang pakinabang sa kanilang karera ang pagsuporta sa produksyon at disturbusyon ng diksyunaryo, nang makita nila ang mas malaking lugi kapag inalis ng isang multinational na kumpanya ang kaniyang negosyo sa lalawigan, nang malaman nilang walang katumbas na boto sa susunod na

eleksyon ang pagsuporta sa diksyunaryo—agad-agad nila itong ibinaon sa limot tulad ng mga apela ng mga ipinanganak na ‘walang papel’.

Kahit ang mga taong sumisimpatiya sa sinapit ng taga-Ugac-Anafunan ay may mga kipkip ring duda’t alinlangan—mga saloobing di mai-iwasan sa anumang pagtatangkang alamin ang katotohanan, o lumikha ng isang imahe nito. Duktur ang mayorya sa kanila. At bagaman kinukundena nila ang talamak na pagmimina ng magnetite sa Ugac-Anafunan Sur at sinusportahan ang pakikibaka laban dito, hindi nila makita ang koneksyon ng pagmimina sa biglaang pagkawala ng kakayahan ng mga residente ng baryo na gumamit ng pangngalan, panghalip, pangatnig, atbp. Hinala nila, apektado ng sakit na aphasia, isang karamdaman na pinupuntirya ang bahagi ng utak na responsable sa pagsasalita, balarila, at alaala, ang mga residente ng Ugac-Anafunan Sur.

Subalit marami-rami rin ang diskumpyado at duda sa opinyong ito. Isang sikolohistang nagngangalang Daisy Lahug ang naggiit na ang aphasia ay hindi nakaugat sa anumang klase ng pagkawala ng isang kakayahan kundi sa paglimot. Ang isang taong may aphasia ay hindi makapagsalita dahil sa isang nalimot na “function” ng utak. Sa ganitong pagkakataon, ani ni Lahug, ang prognostiko ay hindi dapat nakatuon sa pagtukoy sa dahilan ng kawalan ng kakayahan; sa halip, ang dapat alamin ay ang dahilan ng paglimot. Ang pangunahing sanhi—maaaring bayalohikal o penomenal (pangyayari)—upang malimutan ang isang batayang kakayahan. Kaya naman para kay Lahug, bagaman isang malayo’t malabong posibilidad, maaari ngang nakaapekto ang talamak na pagmimina ng magnetite—o ang ugali ng mga nagmimina ng magnetite, o ang palakad ng mga nagmimina ng magnetite, o ang umaga-hapon-gabing pagroronda ng mga sundalong kinasapakat ng mga nagmimina, o ang takot ng mga taga-Ugac-Anafunan Sur sa natatapyas nang dalampasigan, nagbabantang dagat, at pag-aalbu-roto ng mga bulkan, o ang maya’t mayang paglutang ng mapuputla’t dilat na dilat nang mga asuhos, talakitok at besugo—sa partikular na bahagi ng kanilang utak na namamahala sa paglimot at pag-alala.

Ngunit nanatiling maaari ang lahat ng mga hinuha ni Lahug. At hindi dahil di totoo o posible ang mga iyon, kundi dahil hindi na niya ito naiparing sa mas malawak na publiko. Ilang araw makalipas ang pagdatal sa kaniya ng mga naturang hinuha, natagpuang patay si Lahug sa kaniyang veranda, may isang malinis na tama ng bala sa sentitdo, at dilat na dilat (ang

mga puti na lang ng kaniyang mata ang nasaksihan ng mga pulis) tulad ng mga patay na isdang hiniraya niya habang pinagmumunihan ang diksyunaryo.

V

Oras at Baril

Masasabi kong maswerte ako't nalaman ko agad na patay na si Lahug. Kung hindi ko natsambahan iyong ligaw na balitang 'yon sa mga diyaryong ginagalugad ko para sa impormasyon, malamang ay naroroon na ako kina Lahug, sa harap ng kaniyang mga naiwan, at nag-uungkat ng isang yugto sa kanilang buhay na ayaw na nilang balikan—nagtutungkab ng mga sugat na hindi naman talaga maghihilom kahit na lumipas at matapos pa ang panahon. Tunay ngang mas masakit ang ating mga naaalala kaysa sa ating mga nararanasan.

Sinubukan ko pang mangalap ng impormasyon tungkol sa pagkamatay ni Lahug. Ilang presinto ang binisita ko sa mga karatig bayan para lang maitahi ang kulang-kulang at binago-bagong ulat tungkol sa insidente. Noong mga panahong iyon, panandaliang nawala sa isip ko ang Movovug, ang Ugac-Anafunan Sur, at kung bakit ko ba ginagawa ang mga ginagawa ko ngayon. Para akong robot na de-remote, computer program na may eksaktong algorithm. Basta't kung ano'ng itinakda ng lohika't kawsalidad, iyon ang gagawin ko. Pero sandali lang iyon, halos isang buntong-hininga ng pagpapaubaya't pag-ilanlang lamang kung tutuusin. Dahil habang mas tumatagal, habang mas nagiging malinaw sa akin ang mga sirkumstansya sa likod ng pagkamatay ni Lahug, lalong tumitindi ang hinala ko na may kaugnayan ang insidente sa Ugac-Anafunan Sur sa kamatayan ni Lahug. Na ang anumang mangyari sa hinaharap, lalo na sa akin, ay magkakaroon ng relasyon sa pakikisangkot sa insidenteng matagal nang ibinabaon sa li-mot. At kung ano ang relasyon at ugnayang ito, iyon ang isang bagay na kailangan ko pang alamin.

Siyam na presinto ang binisita ko sa loob ng tatlong araw para makakuha ng ulat tungkol sa kaso ni Lahug. Siyam na presintong iba-iba ang hilatsa. May mukhang junk shop dahil sa dami ng boteng nakakalat at nakabalandra—mistulang found art objects—sa sahig, mesa, tukador at filing cabinets ng presinto. May mukhang looban dahil siksikan na ang

mga preso sa bawat selda. May mukhang beerhouse sa dami ng labas-pasok na putatsing sa presinto. Kulang na lang, maglagay sila ng strobe lights, disco ball, makukulay na kurtina at magsilbi ng lady's drink sa mga dalaw o magdudulog ng kaso. Mayroon ding mga estasyong ginawang mini casino. Mula jueteng hanggang tong-its, OTB hanggang ending, mahjong hanggang dama, wala silang pinalampas. Lahat ng sugal, para lamang mapalipas ang oras (at kumita na rin kahit papaano), ay papatulan nila. Patunay lang na mahirap talagang kumita ng pera sa Pilipinas. Kahit may trabaho ka, parang wala ka naman talagang ginagawa. Tuloy, sa walong oras, halimbawa, ng isang pulis o ahente sa kaniyang desk, limang oras doon ay ginugol niya sa pagpapanggap. Pagpapanggap na may nagagawang trabaho. Pagpapanggap na alam na alam niya ang kaniyang ginagawa. Pagpapanggap na gustong-gusto niya ang kaniyang trabaho, na pinupuno ng pagpapaalipin sa harap ng kompyuter o mga papeles ang kaniyang pagkatao, na isang malaking hakbang tungo sa pag-unlad ang paghimod sa tumbong ng mga nasa taas. Pana-panahon lang, sabi nila. Pana-panahon lang, huwag magsasawang magtiyaga't mangalansay.

Bagaman noong una'y minata't pinagsuspetsahan ako ng mga pulis, nagawa ko pa ring makuha ang mga isinadya ko sa pamamagitan ng kapangyarihan ng suhol at pag-aangas na natutunan ko sa mga kaututang-dilang abogado. Simple lang naman ang gagawin. Mag-name drop lang ng kung sinong may sinasabi, ipagyabang na ka-golf o kasabayan mo ito sa casino, at para talagang maniwala, banggitin na ninong/ninang ka ng panganay ni Mr./Mrs. May Sinasabi. Kung hindi pa rin matinag, mag-akmang tatawag sa sinasabing kakilalang malaking tao, umastang nag-agrabyado, at banggtin ang address ng presinto para lang iparamdam sa sarhentong ayaw patinag na anumang oras ay maaaring sumipot sa presinto si Mr./Mrs. May Sinasabi para sibakin siya sa kaniyang puwesto.

Sa siyam na presinto, dalawa doon ang wala nang naitagong record tungkol sa kaso ni Lahug. Dahilan ng mga tinyente, nabaha o naipadala na sa main office nila sa Ilagan ang mga ulat ng mga lumang kaso. Sa pitong natitirang ulat na napasakamay ko, tatlo ang nagkakaisa na pumanaw si Lahug sa ganap na 3:45 n.u. Ang natitirang apat na ulat naman ay magkakaiba ang itinakdang oras ng pagkamatay. Pinakainteresante sa mga ito ang ulat na nagsasabing namatay si Lahug sa ganap na 4:30 n.u., halos isang oras mahigit sa mga nakatala sa ibang ulat. Para sa sinumang

baguhan sa kalakaran at galawan ng sangkapulisan, ang mga naturang kontradiskyon sa mga record at ang kapabayaan sa pangangalaga ng mga ito ay isang nakapangingilabot at nakaririmarim na tagpo't pangitain. Pero para sa mga nakakaalam, hindi na ito nakakagulat. Sa isang bansang tulad ng Pilipinas, ang konsepto't usapin ng kamatayan, oras at hustisya ay mga bagay na singnormal ng taunang pagliit ng pan de sal o di kaya'y ng dibdibang pangungulangot gamit ang hinliliit. Kaya naman hindi ako magugulat kung sasang-ayon sa akin ang mga pulis kung sasabihin ko na para sa kanila, iisa lang ang kahulugan ng mga salitang iyon—na sa proseso ng kanilang imbestigasyon, ipinagkakamali nila—sadya man o hindi—ang mga iyon bilang isang tumpok ng mga sagisag na tumutukoy sa iisang kahulugan at pangyayari. Pinagsasaliw nila ang mga kahulugan at konteksto, ipinailalim sa isang mas malawak na konsepto—sa tatlo, tiyak na kamatayan ang “pinakamalawak”—na para bang gustong ipahiwatig na ang oras at hustisya, tulad ng tao, ay may mga kaluluwa rin, kung kaya't sa sandaling pumanaw ang isang tao, tulad ng napipintong pagkaagnas ng kaniyang katawan at pagbiyahe ng kaluluwa sa kabilang-buhay, ay umaakyat rin daw (o namamangka sa isang ilog) kasama nito ang oras at hustisya.

Bukod sa hindi paggalang sa oras, laganap rin sa ulat ang nagkokontra-hang mga detalye tungkol sa sandatang ginamit sa krimen. Bagaman nagkakasundo ang lahat ng mga ulat na binaril si Lahug, tatlong bagay ang pinagtatalunan ng mga ito: ang klase ng baril na ginamit; ang bilang ng balang ipinutok ng baril at ang bilang ng balang tumama sa biktima; at ang serial no. ng baril. Mahalaga ang huling detalye dahil mapagpasya ito lalo na sa usapin ng pagtukoy kung sinong grupo o tao (o propesiyonal) ang maaaring humawak at gumamit sa isang partikular na modelo ng baril (hal., may mga modelo ng baril na para sa mga sibilyan lamang; mga sundalo't pulis, at, siyempre, hindi mawawala ang para sa mga kriminal at iligal na nangangalakal nito).

Ayon naman sa isang nabasa kong ulat, isang pinag-ubrang revolver (pati ang sketch na kaakibat ng report, mukha ring pinag-ubra) raw ang ginamit sa krimen. Walong bala raw ang tumama sa katawan ni Lahug na nagbunsod ng pagbulwak ng kaniyang bituka sa sahig nang matagpuan ang kaniyang katawan sa crime scene. Isa itong malaking kontradiskyon kung ikukumpara sa isang artikulo mula sa diyaryo na nagsabing “isang malinis na bala sa sentido” ang kumitil sa buhay ni Lahug. Hindi mawala sa isip

ko ang paglalarawan ng artikulo sa katawan ni Lahug. *Malinis na bala sa sentido*. Alin kaya ang malinis? Iyong bala o ang pagkakatama nito, ‘yong pagtagos nito sa walang kaalam-alam at kalaban-labang biktima, sa sentido ni Lahug? Alin kaya ang malinis? Iyong galawan—mula pagpuslit sa loob ng bahay hanggang sa pagtakas—ng mga tirador ni Lahug o ‘yong ideya’t intensyon ng pagpatay sa kaniya?

Habang pinagkakasya ko ang sarili sa mga tanong na ito, mga tanong na sa totoo lang ay pagsasalsal lamang sa utak ko, muli kong naaalala ang diksyunaryong kanina pa nakapatong sa mga hita ko. Nang ituon ko ang atensyon ko rito’y dahan-dahan nitong ipinaramdam sa akin ang kaniyang bigat, waring bata ang diksyunaryong hila-hila ng inang pilit siyang niyayakag paalis sa toy section ng isang mall. Matindi ang pwera sa diksyunaryo. Sabay na nanakit at nangimay ang hita ko sa bigat nito. Pakiramdam ko’y lumalaki ito nang lumalaki hanggang sa madurog nito ang mga buto sa aking hita, binti at paa. Bumibigat nang bumigsat hanggang sa bumigay pati ang estribo ng sinasakyan kong dyip pabalik ng Tuguegarao. Biglang namanhid ang hita ko, waring pinasan ang pinakamabibigat na sako ng semento. At sa di ko maipaliwanag na dahilan, marahil sa di matukoy na takot, naihi ako sa aking pantalon. Buti na lang nakapatong sa mga hita ko ang diksyunaryo. Kahit papaano, abswelto pa rin ako sa nandidiri’t mapanuyang tingin ng mga pasahero.

Ang Huling Residente ng Ugac-Anafunan Sur

Linggo. Nagising ako sa iskandalosong pagkiriring ng telepono ko. Pagtingin ko sa orasang nakasabit sa pader na nagbibitak na ang pintura, ala-siyete na ng umaga. Napa-oo nga pala na lang ako. Nasa probinsya nga pala ako, ang bulong ko sa sarili. Dito, ang pagtawag sa ganitong oras ay tanda na ng matinding pagtitimpi at konsiderasyon, lalo na para sa tulad kong taga-siyudad. Pupungas-pungas akong tumayo sa papag (na nilagyan ng matambok na kutson para magmukhang kama, pero sa huli’y papag pa rin) na hinihagaan ko’t sinagot ang telepono. Di ko kilala ang boses. Matanda, babae. Matigas magsalita at medyo garalgal ang boses. Mukang taga-Cagayan din. Tinanggal ko ang anumang bakas ng antok sa boses ko.

“Hello? Magandang umaga, sino ho sila?”

“Usap Arnold Gracia?”

“Ako nga po ito. Ano pong sa atin?”

“Basa. Movovug.”

“Ano ho?”

“Kwento Manong. Basa Movovug.”

“Ano ho?”

“Movovug.”

“Ano—”

Binaba na ng matanda ang telepono bago ko pa maipagpatuloy ang aking pagtatanong. Hindi pa tumitimo sa akin noong mga sandaling iyon ang implikasyon ng pagatawag niya sa akin. Wala pa talaga ako noon sa huwisyong ganito naman ako lagi kapag bagong gising. Noong bata nga ako, diesel ang tawag sa akin ng mga magulang at kapatid ko. Ang bagal ko daw kasing kumilos sa umaga. Para daw akong sasakyan na kailangan pang painitin bago patakbuhan. Madalas pa nga, nahuhuli ako ng mama kong panakaw na natutulog sa sofa, pauunahin ang mga kapatid kong maligo, para lang ipagtuloy ang naudlot kong pakikipaghihiwalay sa aking mga panaginip. Panaginip. Panaginip. Isang bagay, isang gawain, na maraming idinulot na masama’t mabuting pangyayari sa buhay ko. Ang dahilan kung bakit ako naging manunulat. Ang dahilan kung bakit nagkagalit kami ng mama ko na ang pangarap ay maging arkitekto ang isang tulad kong walang depth perception at may malalang kaso ng pasma. Ang dahilan kung bakit nandito ngayon, sinisikap na tuparin ang hiling ni papa bago siya nagpaalam sa mundong ito. Mga pangyayari na kahit wala sa hinagap ko, kahit na hindi ko naman pinagplanuhan, ay kailanman hindi ko pagsisisihan, kailanma’y hindi ko ipagpapalit. Hindi naman na ako masyadong mabagal kumilos sa umaga. Nangyari lang talaga na hindi agad nagrehistro sa akin ang gusto sabihin ng kawawang matanda. Ewan. Minsan talaga, may mga bagay sa ating gising na reyalidad na hindi natin maarok kaysa sa mga bagay na palutang-lutang

Naligo muna ako para makapag-isip-isip at makapagplano ng mga susunod kong hakbang. Habang nagkukuskos ng libag sa katawan, gumitaw sa aking isipan ang mga posibilidad, ang marami na namang tanong. Paano kung taga-Ugac-Anafunan Sur iyong babaeng tumawag kanina? Paano kung siya ang susi sa mas malalim na pag-intindi sa diksyunaryo?

Actually, ang mas kagyat na tanong: paano niya nalamang nasa Cagayan ako? Nakasalubong ko na ba siya sa kalsada? Nakasabay sa mga dyip, kalesa at traysikel na nasakyan sa lalawigan? Sa mga turo-turo? Nakasabay ko kaya siya? Naaabutan ng tubig o di kaya ng sawsawan? Naaalala ko tuloy iyong isang nobela ni Javier Marias. Sabi ng isa niyang tauhan, kapag daw nagtatanong tayo, hindi daw dahil hindi natin alam ang isang bagay. Nagtatanong daw ang tao para malaman kung hanggang saan ang nalalaman niya. Nagtatanong daw tayo para malaman natin kung ano ang limitasyon, kung hanggang saan ang sakop ng ating alaala. At huli, nagtatanong daw tayo para muling makadaupang-palad ang mga tao o bagay na matagal na nating kilala, lamang ay panandalian nating nalimot dahil kasabay ng pagdating sa atin ng bagong kaalaman o kakilala ay ang paglimot natin sa mga nauna o dati nang alam o kakilala. Ang pagtatanong ay isang pagsisikap na lampasan ang mga marahas na batas at operasyon ng alaala.

Pakatapos maligo, hinablot ko ang tuwalya sa de-hook nitong sabitan. May Hotel Ritz na eleganteng nakaburda sa laylayan nito. Mahigit isang lingo na ako sa hotel na ito. Hotel Ritz ang pangalan ng hotel, pero wala maski ano rito ang katulad ng Hotel Ritz sa France (isang bagay na hindi naman masama). Masaya na ako na 700 lang kada gabi ang kuwarto, na malaki ang bintana nito't kayang magpatuloy at pamahayin ang sariwang hangin, may telebisyon, at disentang study na pwede kong gawing patungan ng mga libro ko. Wala sa akin kung hindi de-alpombra ang sahig o kaya'y amoy Glade ang kuwarto. Hindi ko ikamamatay ang cable TV na walang HD channels. Hindi matetetano ang bibig ko kahit na hindi Evian ang ipainom nila sa aking tubig. Sa huli, ang mahalaga, mura ang upa sa kuwarto.

Habang nagbibihis, sinubukan kong alalahanin ang mga ginawa ko kahapon. Naalala ko ang pagbisita ko sa mga presinto na parang hindi naman mga presinto. Naalala ko ang mga nagtutunggaliang datos sa mga ulat, mga datos na talagang liligawin ang mambabasa mula sa katotohanan, magsusupling ng mga labirintong walang humpay ring magluluwal ng digresyong siya namang kakatha ng bagong mga naratibo, mundo, katotohanan at, sa paglaon, reyalidad. Naalala ko kung paano.

Tinawagan ko si Magdaraog (dahil siya lang naman ang naiisip kong manong na tinutukoy ng matandang babaeng nakausap ko sa telepono) bago ako umalis. Hindi niya sinasagot ang kaniyang cellphone. Nang subu-

kan ko namang tawagan ang landline nila, sinabihan ako ng katulong nila na may binili daw ang sir niya sa palengke. Nang tanungin ko sa katulong ni Magdaraog kung paano pumunta sa palengke, binigyan niya ako ng direksyon sa pinaghalong Tagalog at Ibanag.

Isang pulutong ng tricycle ang nakahilera sa labas ng hotel paglabas ko. Kumontrata ako ng isa papunta sa pinakamalapit na palengke. Habang sinususyod ang mataong plaza ng siyudad, gahaman kong ipinalibot ang mga mata ko sa umpukan ng mga maggugulay, matador, kargador, at iba pang tindero't tindera. Hindi maikakaila ang kasariwaan ng mga gulay dito. Nangingislap ang balat ng talong, malilintog ang mga kamatis, musika sa tainga ang lagatik ng kalabasa kapag pinitik, at pinong-pino ang pagkaputi ng native na mais. Hindi tulad sa Maynila na winiwisikan lang ng tubig para magmukhang bagong ani o pitas.

Pagkababa ko sa may palengke, dumiretso agad ako sa pansitan. Dalawang pansit ang sikat dito sa Cagayan: ang pansit Cabagan at pansit batil-patung. Pareho kong gusto ang dalawa. Ngayong araw, pansit batil-patung ang kinain ko. Sa dalawang pansit, ito talaga ang tubong Cagayan. Simple lang ang mga sangkap ng pansit-batil patung. Ginisang miki, atay ng manok at baboy, sibuyas, at chorizo ang pangunahing rekados nito. Bago ihain, lalagyan ito ng nilagang itlog ng pato sa ibabaw. Bibigyan rin ang sinumang o-order ng isang tasa ng sopas na gawa rin sa itlog ng pato. Toyo, sukanang Iloko, sili, at sandamakmak na sibuyas ang karaniwang sawsawan ng pansit. Sa loob ng mahigit isang linggong pamamalagi ko sa lalawigan, ilang bersyon na rin ng pansit batil-patung ang natikman ko. Mayroon nagsama ng hotdog at giniling sa rekados, mayroong medyo manamis-namis ang timpla, at mayroon namang sinahugan pa ng lechon kawali at kung anu-ano pang gulay.

Agad akong dumiretso sa loob ng palengke pagkatapos kong kumain. Umaasang matatagpuan si Magdaraog sa gitna ng malawak na dagat ng tao, pulutong ng langaw at nagsasalimbayang mga tinig at amoy. Pagpasok sa loob, sinalubong ako ng mga nagmamadaling kargador, naghaharutang mga batang-supot at nagpapaligsahang mga tindero't tindera—nagpapalakasan ng boses para hindi na gumalaw ang mamimili sa kaniyang kinalalagyan at mapilitang bumili sa kanilang puwesto. Sabi ng isang tinderang napagtanungan ko, ang kasalukuyang mayor daw ang nagpagawa ng palengke. Dati raw, sa bangketa lang nagbebenta ang mga

tindero't tintera. Akala raw ng mga tao, hulog ng langit ang palengke. Iyon pala, laking perwisyo rin ang dulot nito sa kanila. Bukod kasi sa mataas ang singil sa renta, kailangan pa nilang bayaran ang kuryente at manakanakang maglagay sa mga pulis na ginagawang kumikitang kabuhayan ang pagronda sa palengke. Para daw sa kaligtasan nila, ang idadahilan ng mga ngiting-asong pulis. Ayon sa nakausap kong maggugulay, marami na ring sumubok bumalik sa mga bangketa. Pero nang minsang mapansin ni Mayor na kumakaunti ang umuupa ng puwesto sa palengke, inutusan niya ang mga pulis na dalasan ang raid sa mga bangketa. Kaya naman kahit halos abonado na sila sa araw-araw, tinitiyaga na lang ng mga tintera't tindero na umupa sa palengke kaysa pagdiskitahang lamug-lamugin at dispatsahin ng mga pulis ang mga paninda nila.

Tatlong beses kong inikot ang buong palengke pero hindi ko mahilagap maski anino ni Magdaraog. Sinubukan ko ulit siyang tawagan pero walang sumasagot. Naisip kong dahil Linggo, baka abala si Magdaraog na naghahanda ng espesyal na tanghalian para sa kaniyang pamilya. At dahil napagod na rin ako sa kalalakad at kahahanap sa kaniya, nananghalian na lang ako sa pinakamalapit na panciteria kahit wala pang alas-dose. Nang makabalik na ako sa Hotel Ritz, agad akong nilapitan ng receptionist at may binigay sa aking isang maliit na pirasong papel. Ni hindi ako nakapagbigay ng reaksiyon. Agad kong tinanggap ang papel mula sa kaniya nang walang kibo. Maingat at pulido ang pagkakakatupi ng papel. Napansin ang pagkagulat sa aking mukha, dali-daling nagpaliwanag ang receptionist.

"Jimmy Payumo po ang name nu'ng nagbigay, sir. Friend n'yo daw po."

"Wala na s'yang ibang sinabi?"

Wala na po, sir. Umalis po s'ya agad pagkatapos n'yang ibigay 'yung message.

"Sige, sige. Thank you."

Bibigyan ko pa sana ng tip iyong receptionist, kaso nakabalik na siya sa kaniyang puwesto pagkatapos ng mabilis kong pagtatangkang halughugin ang utak ko para sa isang pangalang ngayon lang narinig sa buhay ko. Pagkapasok na pagkapasok ko sa unit ko, binuklat ko agad ang papel para mabasa ang mensahe. Naka-all caps ito na parang gustong sigawan sa mukha ang pagsasabihan nito:

HUWAG KANG MAKIALAM KUNG AYAW MONG MATULAD KAY MAGDARAOG.

Ni hindi ko nakuhang bumuntong-hininga. Sabay akong sinakal ng takot at ng pagkaligalig dahil sa mga implikasyon dala ng mensahe. May ilang minuto rin akong matamang nakatitig sa papel, umaasang matutunaw ng pagtitig ko ang mga titik na nagsasateksto ng aking napipintong pagkautas. Para akong naupos na kandilang biglang pinanawan ng apoy, ng liwanag, ng lakas. Ang tanging nagawa ko'y mapauupo sa sahig, mistulang papel na sinalbahe ng hangin at naupuan ng matabang bata.

E s s a y

Once Upon a Time, Under the Pine Trees in the Old Campus

Cristina Pantoja Hidalgo

I

GHOST OF CHRISTMAS PAST

After work that day, on my way to the España gate, I saw that the campus's main roads had been closed to vehicles, and that there was a long queue of young people waiting by the barrier. And then I noticed the little booths all over the football field, and realized what was about to happen: *Paskuhan*—the university's Christmas festival.

So we made a right at the chapel and headed toward the P.Noval gate. It was just before dusk, and the campus had been lit up, in anticipation of the evening's festivities: threads of tiny lights, blue and gold, streaming from the trees, thousands of lights, showers of fairy petals. The familiar buildings, trees, lanes, lamp posts, stone benches had been transformed into a land of enchantment.

And I was seventeen and a college sophomore again, helping to set up our college's booth on the flat stretch of grass that no longer is (having been taken over by a building), the wide open space opposite the football field. Each year, there would be a small *carnivale* here, to celebrate Christmas, courtesy of the Central Board of Students. With balloons and bunnings and confetti, carousel and Ferris wheel and booths selling little toys and trinkets, and sandwiches and soft drinks and pastel-shaded stationery, and carts dispensing popcorn and dirty ice cream and cotton candy, and

Pilita Corrales singing *Ang pasko ay sumapit... tayo ay mangagsiawit...*"

We would sit on the grass and wait for the little procession, which was a re-enactment of the search for an inn on that first Christmas Eve by the Virgin Mary and St. Joseph, weaving across the campus, preceded by the ROTC band and the Honor Guard in their splendid red and black uniforms, and followed by a long line of tassel-tailed paper lanterns, ruby-red and emerald-green and blue shot with gold, stopping at each building to murmur a prayer before the *belen* fashioned by the students of each college.

That Christmas when I was seventeen, the Christmas Fair's theme must have been international brotherhood, or the United Nations, because our college's booth was a miniature, slightly crooked replica of the Eiffel Tower, and our costumes reflected what we thought beatniks or Left Bank bohemian poets and artists wore—black, long-sleeved, turtle-necked shirts, black tights, and berets. And all the time that I was working on our booth, only one line kept going round and round in my brain: Will he come? Will he come? For that year I thought I had met him—the fair young god of all my dreams.

But as the night grew deeper, and the breeze grew cooler, I realized with a sinking feeling that he wasn't coming, it wasn't meant to be... Rita shook her head. Nonsense, she said, you made a wish on our old wishing well in the Pharmacy Garden, remember? You must believe, or it won't come true... And Linda said, Yes, Christmas is a time for magic. Believe!

And suddenly, there he was. And I felt, again, oddly surprised that he was real, that I hadn't imagined him. He said something about going home to shower and change because he had been in his medical uniform all day, but I couldn't quite catch the words, because there was a buzzing in my ears. He was wearing a moss-green T-shirt, its collar open at the throat, and slacks... maybe light grey, maybe tan? I no longer recall... But I remember it was the first time I had seen him out of his hospital whites.

He went with Rita and Linda and me to get cokes and popcorn and pink cotton candy. And then to a tent where a girl greeted us with a tambourine. She wore wild gypsy colors and gleaming golden hoops in her ears, and her long lashes swept her cheeks as she bent to peer into a crystal ball, She whispered to us about trips to faraway places with strange-sounding names, and pots of gold at the end of rainbows, and tall, handsome men who would sweep us off our feet and bring us untold happiness. And Rita

laughed and said, why not? the first of our wishes has already been granted, hasn't it? The magic works! What magic? he asked. Rita told him about our old wishing well. And I looked away, wishing that she hadn't, afraid that the spell would be broken, that it needed to be kept secret...

Later we all sat on the grass, beside what looked like a gingerbread house but was pretending to be a German tavern, to watch the lanterns go by. And Linda sang along with the scratchy record playing over the sound system, in her sweet, slightly husky voice, *Silver bells... silver bells... it's Christmas time in the city...* under a sky studded with silvery stars.

He turned to me and said in a low voice, Open your hand. I held out my right hand, its palm up, and he dropped something into it. What is it? I asked. A coin, he said. I found it here, on the grass. Maybe it's a lucky penny. For your wishing well. Toss it in and make a wish for me too, he said, smiling at me.

And I thought: *This is my window/ just now did I so softly wake/ I could believe everything round about was still as I/ transparent as a crystal's depth, darkened, silent/ I could hold even the stars in me too, so big my heart seemed to me...*

Sitting in my car two nights ago, stuck in traffic on España, I wondered, bemused: where did it all go—the apple tree, the singing and the gold?

The spell *was* broken. The magic didn't last.

II

“USAHAY”

In some ways our university was a bit like our high school convent schools. It was run by a religious order of priests, as our schools were run by nuns. Prayers were said before and after every class. Each new academic year began with a High Mass followed by a *Discurso de Apertura*. We rose to our feet when a professor entered the classroom, and began and ended each class with a prayer. There was a prescribed uniform for each college. We were expected to attend spiritual retreats and religious processions.

Though it was a co-educational institution, male students and female students were kept apart. Boys and girls were not allowed to walk together

or speak to each other on campus. This policy was reinforced by having separate entrances, staircases, and classrooms for men and women. There was a counter for boys and a counter for girls in the university library; and a section for boys and a section for girls in the university canteen.

But the college Rita, Linda and I went to—the Faculty of Philosophy and Letters (the legendary Philets)—was such a small college, just two sections per year level, that this segregation could not be strictly imposed. We attended classes together, the girls occupying the front rows, and the boys, the back rows. The regular students were in the afternoon sections, and the working students, who were mostly irregular (they did not carry full loads), were in the evening sections.

Ang pagmamahal ni Lucero sa pusong ang dahilan kung bakit marami siyang kabatirang sa unang tingin ay counter-intuitive. Halimbawa, inugnay niya ang tema ng pag-ibig (hindi lang sa bayan, kundi kahit romansa at pagmamahal sa pamilya) sa mga maikling kwento ni Vicente Sotto sa kritisismo ng awtor sa mga masamang epekto ng kolonyalismo ng Estados Unidos sa Pilipinas (109). Itinuturing ni Sotto bilang isang malaking pamilya ang bayan, at ang paghina ng institusyon na ito ay nangangahulugan ng paghina ng buong kapuluan (111-112, ikumpara sa isiniwalat na pananaw ni Cornelio Hilado [52]). Maipapaliwanag ang ganitong pananaw ni Lucero sa pagbabasa ng panitikan dahil sa kanyang pag-igpaw sa naive na realismo, sa pagtingin lamang sa surface ng teksto. Ang kinakampeon niya ay ang pagpasok sa mundo ng teksto, pero ito mismo’y may balakid. Sa pagbabasa, halimbawa, ng rehiyonal na panitikan, paano papaloob ang mambabasa at kritikong lubog sa Manila? (124) Kaya nga pag nagsasalin si Lucero, nag-iimport siya ng mga salita mula sa rehiyon (lampas sa token na “ti” at “gid”), at nagdaragdag ng detalye at parilala, para mapalabas ang itinuturing na intensyon ng awtor (149-150). Buti nga sa kasong ito, may tekstong pagbabasehan? Pero ano na ang gagawin ng kritikong ang tanging talento’y sa New Criticism pag naharap siya sa traki ng mga Manobo, na tulad ng ibang uri ng oral na panitikan ay nagbabago depende sa naalala at ektemporanyong nililikha ng tagapagsalaysay? (181) Susubukan man lang ba niya itong intindihin, o magtatago siya sa kanyang toreng garing para magbasa ng *Sandman*? O, tulad ni Lucero, haharapin nila ang hamon ng pagbabasa sa panitikang inuusal, at ang pagsubok hanapin ang orihinal sa salin? (213)

Meron nga lang paradox, kahit na nais igpawan ni Lucero ang formalismo, ubod ng halaga sa kanya ang anyo. Mahalaga ang anyo para kay Lucero, at mahalaga ang nosyon ng genre. Isa sa mga pinapahalagan niyang genre ay iyong conduct book (55-57), na mararamdaman pa rin ang impluwensiya sa ating panitikan magpasahanggang ngayon. At hindi lang sa panitikan, kundi pati sa ibang kultural na praktis. May inspirasyon ni Foucault, isiniwalat ni Lucero, ang mga kontradiksyon ng institusyon ng Katolikong kumpisal sa ilalim ng kolonyalismong Espanyol. Sa paglilista ng frayle sa mga maduming gawaing nais niyang ipaamin at ikahiya ng Indio, siya rin mismo ang nagpapasok sa utak ng kanyang inuusig tungkol sa maaaring sarap ng mga ganitong uri ng pagkilos (94). Sa kontemporaryong panahon, bagaman nase-censor ng MTRCB ang mga pelikulang Filipino,

nakalarawan pa rin sa kanilang mga nakapaskil na anunsiyo sa sinehan iyong mga eksenang “malaswa” na kinaltas (98).

Hindi nga kasi simpleng pagkatalo ang naganap sa mga ninuno natin, hindi simpleng dominasyon ang mayroon ang mga Espanyol. Sa larangan ng kultura, halimbawa, iba’t iba ang pakikipagtunggaliang matutunghayan sa lebel ng anyo. Ang “loa,” halimbawa, ay pinarodiya (39). Inangkop din ng iba’t ibang manunulat ang loa para sa mga makabayang layunin, halimbawa sina del Pilar, Bonifacio, at Segundo Lagos (63). Isa sa mga mutasyon nito ang luwa, na satirikal na bugtong (81). May ejemplo naman si Jose Chavez tungkol kay Rizal (64).

Alinsunod kay Bakhtin, minamarkahan ni Lucero ang realistang drama bilang monologic, may argumento nga, pero ang tisis nito pa rin ang magwawagi (46-47, 59). Talagang may duda si Lucero sa ideya ng realismo sa panitikan. Inilarawan niya, halimbawa, ang mga estratehiya ni Angel Magahum para magkaroon ng “reality effect” sa kanyang mga maikling kwento, halimbawa ang paggamit ng kwento-sa-loob-ng-kwento (127), at pagtukoy sa mga historikal na personahe (128).

Mahalaga ang anyo kay Lucero dahil mahalaga sa kanya ang tradisyon. Ang tradisyong kinabibilangan ng isang akda, halimbawa, ang magpapaliwanag sa mga katangian nitong maituturing na “baduy” (113). Pero higit pa rito, ito ang nag-uugnay sa kultural sa materyal. Pinakita ni Lucero na hindi lang putok sa buho ang panitikang rebolusyonaryo laban sa Estados Unidos, bagkus ay sumususo ito sa epiko, romansa, nobena, pananglet, pasyon, at lowa (63). Samantala, ang mga maikling kwento ni Vicente Sotto, pasaway laban sa kolonyalismo ng Estados Unidos, ay makikitaan ng ugat sa mga kwentong bayan at ballad (108). Ang mga maikling kwento ni Anghel Magahum, unang nakapagsulat ng nobela sa Hiligaynon, ay sumususo sa komposo, at may hibo rin ng vida (126, 132). Ang pagiging babad sa tradisyon ang kaso rin kay Magdalena Jalandoni, tulad ng nasabi na ni Corazon Villareal (163). Narinig naman ni Lucero ang alingawngaw ng pasyon sa “Si Anabella” ni Jalandoni (166), pati na rin ang siday sa pamalaye, na tula ng pamamanhikan na makikita rin sa epikong *Hinilawod* (167). Meron din siyang twist na napepresenta, halimbawa ang *Urbana at Feliza* ay hindi lang sa tradisyong Espanyol nabibilang, meron din itong etnikong ugat (216). Mahalaga ring kilalanin kung saan galing ang mga tradisyon. Maaaring isipin na natural na ebolusyon ng panitikan

ang paglipat mula fantastiko tungong realistikong mga kwento. Pero sa Hiligaynon, halimbawa, malaki ang papel ng patimpalak ng magazing *Hiligaynon*, na itinakdang dapat ay may temang “hustisya sosyal” ang mga entry (Lucero 2009, 294).

Ang Bayan Laban sa Maynila

Halata na pag sinasabi niyang “tayo” (naisulat kasi sa Ingles), ang tinutukoy niya ay mga Filipino (Lucero 2007, 2, 8). Nagawa pa nga niyang sabihing ang *purong* Filipino ay makikita sa Mindanao (4). Pero wag na tayong tumambay sa puro, doon na lang tayo sa Filipino. Mahal ni Lucero ang Pilipinas. Ang ibig bang sabihin nito’y oo na lang nang oo si Lucero basta luma at oral? Hindi. Inaamin ni Lucero na hindi kapuri-puri ang bawat bahagi ng mga kulturang kanyang ibinibida, siya mismo ang umuusig sa mga aspektong ito. Kinikilala rin niya ang kontribusyon ng kolonyalismong Espanyol, ang mga dokumento ng barbarismo na kanilang mga nobena, vida, korido, sarswela. Aminado siyang gumagamit ng mga banyagang lapit, tulad na lang ng Marxismo, feminismo, at dekonstruksyon. Sa kanyang materyalistang pagtatanggol sa iba, payag siyang gumamit ng mga di-Filipinong kultural na sandata. Hindi kaya’t ang bayan sa labas ng Maynila ay hindi nakakulong sa mga isla? Kung kinikilala naman ni Lucero ang kapangyarihan ng pasyon (63, 88), paano kung may kaparehong diskurso mula sa labas na mas maigting pa nga ang pwedeng maging epekto sa atin (kunwari, Maoismo)?

Alin nga ba sa dalawang pamagat ng libro ni Lucero ang orihinal? Kunwari ang Filipino, sabihin na nating dahil hindi naman taal sa Pilipinas ang wikang Ingles. Tama bang salin ng *Ang Bayan sa Labas ng Maynila* ang *The Nation Beyond Manila*? Ang mas literal na salin nito ay *The Nation Outside Manila*. May pagkapostmoderno ito, may pagkamaka-Lacan. Ika nga, ang pinakaloob-looban mo ay nasa iyong labas (Evans 1996, 59). Pero paano kung baliktad? Nakita na naman natin ang pagkiling ng libro sa Ingles. Kung ang orihinal na isinasalin ay *The Nation Beyond Manila*, mas tapat na rendering ang *Ang Bayan Lampas sa Maynila*. Ang sentralidad ng Maynila ay ideolohiyang kailangang igpawan sa paglikha ng isang bayan. Paano nga ba lalabas sa Maynila, paano ito lalampasan? Una, dapat wag tawaging Maynila ito, Manila kasi ang pangalan. Ang Maynila ay ciudad, ang Metro Manila

ang yunit na tinutukoy ni Lucero, kundi'y mamimintisan ng kanyang polemiko, halimbawa, ang mga dekadente ng Quezon City. Pangalawa, kailangan nating itigil ang pagkiling sa labas-papunta-sa-loob na oryentasyon.

Ang susi dito'y ang doktoral na disertasyon ni Lucero. Tulad ng nasabi sa itaas, inilarawan niya sa gawang ito ang sosyo-ekonomikong estuktura na pundasyon ng kultura ng "paternalism" na nanghina dahil sa pagbagsak ng industriya ng asukal sa Negros (Lucero 1990, 74-83, 133). Dahil dito, nagkaroon ng puwang para sa ibang estruktura, bagong kultura. Isa sa mga naging alternatibong paraan ng pagsasaayos ng komunidad at pagsasakatawan sa pagnanasa ng mga komunidad na ito ang Basic Christian Communities. Kumukuha ng inspirasyon mula sa *Populorum Progresso* ni Papa Pablo VI, sa Vatican II, at sa programang Alay Kapwa ng Simbahang Katolika sa Pilipinas (112-113), binubuo ang mga BCC ng tatlumpung pamilya. Kasing halaga ng kanilang mga nakahayag na layunin ang katangian ng organisasyon ng mga BCC. Dahil hindi mula sa itaas ang desisyon kung magtatayo ba ang isang pari ng BCC, walang "standard church model that the priests could follow" (114). Bukod dito, at alinsunod sa ideya ng "decentralization, there are no traditional parish organizations (like the Legion of Mary) (115). Ang BCC ay programa para sa "economic self-sufficiency" (122). Bagaman kaiba sa ibang grupong Katoliko, sin embargo, relihiyoso pa rin ang uniberso ng signipikasyon nito. Bukod dito, bagaman "mula sa taas" ang inspirasyon sa pagbuo ng mga komunidad, mula naman sa ibaba ang naging anyo ng mga ito. Nasa mga komunidad na mismo ang pagnanasa at bokabularyo para organisahin ang kanilang mga sarili, kinailangan lang nila na magkaroon ng puwang sa sosyo-ekonomikong kaayusan.

Maiuugnay ito sa karanasan ng mga grupong pangteatro na puso ng disertasyon ni Lucero. Isa sa mga grupong inilarawan ni Lucero ang Katilingban sa Katubuhan, na binubuo ng mga estudyante at pinamunuan ni Luisa Reyes-Howard, isang guro ng teatro. Sa kanilang pakikihalubilo at pagtatanghal para sa mga magsasaka, natutuhan ng mga estudyante hindi lamang ang tungkol sa kalunos-lunos na kondisyon nila, kundi pati na rin ang pundamental na pagkakamali ng epistemolohiyang top-down: "In one instance, they learned in concrete terms the meaning of feudalism when, after seeing the appalling living conditions of the sugar workers, they asked, 'Why do you allow yourselves to be treated like this by your amo?' They

were stunned by the workers complacent [sic] reply that this was how they actually wanted it, that the amo was not to blame. From the students' middle class point of view, it was unthinkable for anyone to defend his own oppressor" (171). Ang hindi halata agad ay ang ideolohiyang dala-dala ng mga estudyante mismo. Inilarawan ng grupong ito ang Komunismo bilang "walang diyos" (172, 181). Panay din ang sabi ni Reyes-Howard na wala siyang ideolohiya (173, 180). Mali si Reyes-Howard na sabihing wala siyang ideolohiya, pero mula lang ito sa paniniwalang masama ang magkaroon ng ideolohiya. Ang totoo, sapat na ang ideolohiya at bokabularyong mayroon siya para bigyang tinig ang kanyang mga pagnanasa at hinaing.

Magiging mas klaro ang punto kung tutunghayan ang diskusyon ni Lucero sa isa pang grupo, ang Teatro Pangkatilingban na inorganisa ni Alan Abadesco, isang pari. Dahil hindi kasing available ang disertasyon ni Lucero kumpara sa *Ang Bayan sa Labas ng Maynila*, mainam na sipiin dito ang ilang susing paglalarawan sa mga katangian ng mga aktibidad ng Teatro Pangkatilingban. Una, kailangan itong community-based. Ibig sabihin, ang "needs of the communities determined the content, format, and method of presentation of their plays. There was an effort therefore to be constantly cognizant of those factors related to the locality in order to come up with activities that were deemed useful to their lives and appropriate to their level of consciousness" (201). Bagaman may tono ng pagmamaliit at condescencion ang huling parilala, mahusay na bigyang-diin ang unang bahagi na mas bukas sa tinig ng komunidad. Kaya nga kahit na may lugar sila para sa mga tagalabas na magiging mitsa, "they were not meant to play a dominant role," nang sa gayon nga ang mga tao mismo ang magiging "able to handle the program of activities themselves" (202). Ang ganitong kaayusan ay sandata rin, dahil ang pagiging dependent sa tagalabas "for leadership was a characteristic of feudal behavior and therefore was to be discouraged" (ibid). Hindi ibig sabihin nito'y kanya-kanya lang, kinikilala ang halaga ng mga alyansa (199, 205). Anong materyalidad ang mabubuo ng ganitong uri ng ideolohiya? Mahihinuna natin ang sagot sa paglalarawan ni Lucero ng kulturang nabubuo ng ganitong uri ng ideolohiya: "People's participation may result in artistically crude productions—'rough at the edges'—if measured against conventional theater but folk art and culture sets its own standards" (202).

Hindi kinakaila na umigpaw sa BCC at mga maliit na teatro ang lipunan at kultura sa Negros na pinag-aralan ni Lucero, o malaki ang

naging kontribusyon ng National Federation of Sugar Workers at iba pang organisasyon sa pagpapaangat ng buhay ng mga magsasaka. Ang sinasabi'y maaaring mayroon ding matutuhan sa ibang uri ng pag-oorganisa, sa ibang uri ng epistemolohiya at pulitika. Hindi na kinakailangan ng isang komunidad ang standards ng tagalabas dahil mayroon na silang angkop na ideolohiya at bukabularyo para maipahayag ang kanilang mga pagnanasa at pangangailangan. Kung meron mang nakikita sila mismong pagkukulang, sila mismo ang maghahanap. At kung meron mang may simpatyang tagalabas na nais tumulong (pero maaari nating itanong kung bakit hindi niya muna ayusin ang kanyang pinagmulan), dapat siyang matuto mula sa komunidad muna, bago ang kabaliktaran. Kung may tagalabas na huhusga kay Reyes-Howard dahil itinatakwil niya ang mga “walang diyos,” isa itong pagkakamali. Imbes, kailangang intindihin kung bakit ayaw ng kanyang kinabibilangan sa mga “walang diyos.” Hindi na rin bago ang lahat nang ito, kung kaya nga ito na ang perpektong sandali para iugnay ang mga kabatirang ito sa pang-uusig sa bayan, na siya namang bida ng teorya ni Lucero.

Sumasabog, nag-uumapaw ang tayo ni Lucero. Sa unang pagbasa, ito ang Filipino. Pero pag pinaglimian, lumalabas na ang kanyang “our” ay ang maliit na sirkulo ng mga akademikong Inglesero, o di kaya'y ang sangkatauhan. Maaaring iwasan ang dalawang mapanganib na tendensiyang ito, pero una muna'y kailangang pag-isipan.

May nakaririnding katangian ang libro ni Lucero na, bagaman hindi sinisira ang kanyang mga argumento ay tunay na nakakainis. Absurdo, syempre, na hingin sa isang iskolar na wag maghanap ng akademikong institusyon bilang tagapaglathala ng kanyang mga nasaliksik, kahit gaano natin iisipin na ipinamimigay dapat ang karunungan, at nasasalamín ang mapagsamantalang relasyon ng mga kolonisador at katutubo ng mananaliksik na humihigop mula sa balon ng dugo ng kulturang pinagaaralan para ipresenta sa “mundo” ang mga datos na nakalap, kung kaya't hindi natin pupulaan si Lucero na sa Ateneo niya pinilang isumite ang kanyang koleksyon (tingnan ang Llana 2009, 333). Pero, nakakainis na sa blurb ng *Ang Bayan sa Labas ng Maynila*, kailangang ilagay ang komento ni Paul Sant-Cassia tungkol sa “Judas and His Phallus,” na orihinal na lumabas sa *The Journal of History and Anthropology* kung saan editor si Sant-Cassia, na para bang hindi sapat ang endorsement nina Resil Mojares at Bienvenido Lumbera sa koleksyon, at kailangan pang idagdag ang papuri ng banyaga.

At isang pyesa lang naman ang kanyang binasa, hindi ang kabuuan ng gawa! Pwede na sanang palampasin ito, ang kaso'y kailangan pang gawing dalawa ang pamagat ng libro. Hindi lang ito *Ang Bayan sa Labas ng Maynila*, ito rin ay *The Nation Beyond Manila*. Ngayon, syempre, kailangang mangakit ng mga mambabasa, at maraming kolonisadong Filipino ang mas gugustuhing magbasa ng Ingles kaysa Filipino. The more the *manyer*. Kaso sa loob, ang mga sanaysay sa Filipino ay may abstrak sa Ingles, ang punto'y ang pangunahing wika ng akda'y Ingles, kung di sana'y meron ding abstrak sa Filipino ang mga gawang Ingles. Pero bakit nga ba kailangan ang mga pyesa sa Ingles, gayong mahusay namang tagasalin si Lucero, at kung gayo'y maaari sana tayong magkaroon ng *Ang Bayan sa Labas ng Maynila* na hindi mga banyaga ang nais na mambabasa. Ito'y usaping mareresolba lang sa labas ng akademya. Kung ipapako natin sa krus lahat ng Filipinong iskolar na nagsusulat sa Ingles ay baka magkaroon pa tayo ng Bagong Kristo. Hindi na 'to dapat pinagsasayangan pa ng pahina.

Pero tutal nabanggit na natin, pwede na rin natin itong gamiting springboard. Kinakailangan nating hayaang umiral ang mga rehiyon sang-ayon sa kanilang sariling batas, at hindi silang laging sukatin ayon sa pamantayan ng bayan, sa kung ano ang maiaambag nila sa bayan. Dahil itong pagbibigay ng kahulugan sa rehiyon ayon sa bayan ay maaaring magdulot ng panganib doon sa itinuturing na parating maliit at kulang. Maaaring mabura ang identidad ng rehiyon pag naglaon dahil lalamunin ito ng bayan. Laging may panganib madulas ang representasyon ng mga rehiyon sa isang mapagsamantalang relasyon. Hindi si Lucero, pero tila pa nga may nararamdamang galak ang mananaliksik sa pagiging economically backward ng kanyang pinag-aaralan. Ang nasasalim dito'y ang relasyon sa tula ni Victor Sugbo na "Kan Margaret," na binasa ni Duke Bagulaya sa kanyang *Writing Literary History* bilang rekonsilasyon ng sentro at gilid. "The dominant ideologeme is: let the provincial return to the backward countryside and let them produce 'lakdan' for the city. The countryside must remain backward and be dependent on the city market" (Bagulaya 2006, 206).

Pag sinasabi ni Lucero na "tayo," ang tinutukoy niya ay mga Filipino, na ang dapat nga raw gawin ay kilalanin at isangkot ang mga sinupil na bahagi ng tayong ito. Halimbawa, pinapasok niya ang mga salitang Hiligaynon sa Filipino. Gayundin sa panitikan, nais niyang masama sa silabus ang mga gawa mula sa tinatawag na rehiyonal na panitikan sa itinuturing na

pambansang panitikan.

Ano ang problema na sa pananaw na ito? Maaari tayong muling humugot ng mga argumento mula kay Bagulaya, bagaman may maituturing sigurong malaking pagkakaiba ang pulitika at konklusyon niya sa ibinibida sa kabuuan ng papel na ito (Bagulaya 2006, 5, 183-184). Sa madali, ipinalagay ng dikotimiya sa pagitan ng rehiyonal at pambansa ang isang saray. Hindi lang na bahagi ang rehiyonal ng pambansa, kundi na ito ay subordinate.

Dagdag pa rito, mapanganib ang ideya ng bayan dahil, at ito ay argumento na rin ni Lucero, kinakailangan nito ng Iba na itatakwil (tingnan ang Hau 2000, 133-176).

Mula sa mga pahina sa itaas, maaari na tayong magbigay ng konklusyon tungkol sa teorya ng kultura ni Lucero. Tatlo ang kanyang axiom: (1) makapangyarihan ang kultura; (2) materyal ang basehan ng kultura; (3) ang kultura ay maaaring maging sandata para o laban sa mga iba. Wala namang bago rito. Pero makapangyarihan ang presentasyon ni Lucero dahil sa ang artikulasyon niya ng tatlong puntong ito’y dumaraan lagi sa filter ng bayan. Ang kulturang ipinagtatanggol niya ay kulturang Filipino. Ang mga materyal na kondisyon ng buhay at lipunan na kanyang iniimbestigahan ay sa Pilipinas. Ang iba na kanyang ipinagtatanggol ay ang mga mula sa rehiyon ng Pilipinas. Kahit nga ang mga feminista niya ay *makapilipinong* feminista (Lucero 2007, 22).

Tutal naman bida ni Lucero si Pilandok, at mahilig siya sa figura ng trickster, susubukang mamusong dito. Sa dulo ng kanyang lekturang “Writing to the Music of Pestle-on-Mortar,” nagpahayag ng disablist na sentimyento si Lucero. Sabi niya, “Not to love our own people and our own music is akin to being deaf in a land of musicians” (10), na pailalim na panunupil sa mga bingi (pinapalagay at pinapalabas na masamang bagay ang hindi makarinig). Baka ang “our” ni Lucero dito’y tumutukoy lamang sa “tayong nakakarinig” at isinasantabi ang mga bingi? Hindi ito eksaheradong pagbabasa kundi pagpapatuloy lang ng itinuro ni Lucero, na siya ngang naglalahad ng mga estruktura ng pang-aapi sa imahen ng “promdi” at “mabuting babae.” Hindi ikakaila ni Lucero na ang kanyang payahag ay bahagi ng sistematikong pagtatrato sa mga persons with disabilities bilang hindi tao, at ang kanyang politically incorrect na talinghaga’y may kaugnayan sa kawalan ng elevator sa mga foot bridge sa

kalakhang Maynila, at kahit sa Faculty Center sa UP Diliman, kung saan siya matagal na nagpugad bilang guro.

Kaya kailangan nang kaunting pag-adjust sa mga axiom ni Lucero. Una, makapangyarihan ang kultura, ng mga bayan. Pangalawa, materyal ang basehan ng kultura, ng mga bayan. At pangatlo, nagagamit ang kultura para mang-api ng iba, ng mga bayan. Sa pagtatangkang pag-isahin ang mga bayan sa isang Bayan, kinakain ang kultura ng mga bayan, na halos na nga pagbubura rito. Ang panloloob ay pagnanakaw. Dagdag pa rito, nagkakaroon ng mapagsamantalang relasyon ang sentro at gilid, ang Maynila at ang nasa labas niya. Tangi lamang ang paggiit sa pagkakaiba ng mga bayan sa isa't isa ang magtatanggol sa mga iba, sa Iba. O, kung maaari tayong magdagdag ng ikaapat na axiom: alagaan ang Maynila, at aalagaan ng labas ang sarili nito. Ang mga bayan ay heograpikal, linggwistik, nakabase sa abilidad at disabilidad, sa kasarian at sekswalidad, sa etnikong grupo, sa uri, sa edad, sa edukasyon, sa relihiyon. Kung ganitong perspektibo ang gagamitin, mapag-aaralan ang mga bayan ayon sa sarili nilang sukatan at pangangailangan, imbes na sa mga hiling ng Bayan. Sa labas ng Maynila? Walang hangganan ang mga bayang ito.

MGA SANGGUNIAN

- Duke Bagulaya, *Writing Literary History: Mode of Economic Production and Twentieth Century Waray Poetry* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2006).
- Dylan Evans, *An Introductory Dictionary of Lacanian Psychoanalysis* (London: Routledge, 1996).
- Caroline Hau, *Necessary Fictions: Philippine Literature and the Nation, 1946-1980* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2000).
- Jazmin Llana, "The Bicol Dotoc: Performance, Postcoloniality, and Pilgrimage," hindi pa nalalathalang doktoral na disertasyon. Aberystwyth University, 2009.
- Rosario Cruz-Lucero, "Negros Occidental 1970-1986: The Fall of the Sugar Industry and the Rise of People's Theater," hindi pa nalalathalang doktoral na disertasyon. University of the Philippines, 1990.
- Rosario Cruz-Lucero, *Ang Bayan sa Labas ng Maynila* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2007).
- Rosario Cruz-Lucero, "Ang Pagsasalin ng Panitikang Rehiyonal Tungo sa Pambansang Panitikan," nasa Galileo Zafra (ed), *Salin-Suri: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pag-aaral ng Pagsasalin sa Filipinas* (Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino, 2009), pp. 293-300.

Pusong Walang Pag-ibig: Ang Pagtatatwa sa Wika

Soledad S. Reyes



ais kong pasimulan ang panayam na ito sa pagpapaliwanag ng pamagat tungo sa paglilinaw kung ano ang direksiyon ng panayam.

Una, ang *Pusong Walang Pag-ibig* ay pamagat ng nobelang isinulat ni Roman Reyes nuong 1910. (1) Konteksto ng nobela ang madugong rebolusyon laban sa mga Kastila, na sinundan ng Rebolusyon laban sa mga Amerikano at ilang taon matapos ang digmaan. Pinaikot ang nobela sa buhay at kamatayan ni Enrique, isang iresponsableng Pilipino na tinalikuran hindi lamang ang responsibilidad sa kanyang pamilya. Higit na mahalaga sa pagsusuring ito ang pagtalikod ni Enrique sa tawag ng sariling bayan. Isang duwag, taksil at huwad na Pilipino, itinatwa niya ang kanyang bayan nang talikuran niya ang rebolusyon laban sa mga Kastila. Siya ang “pusong walang pag-ibig” na tinukoy sa nobela.

Pangalawa, ang salitang “pagtatatwa” ay ginamit sa pagtukoy sa pagtalikod ni Pedro sa Panginoon niyang si Hesus nang tatlong beses niyang ipinagkaila na disipulo siya ng Kristo nang gabing dakpin ang Kristo sa Hardin ng Hetsemane. Wika ni Pedro, “Hindi ko siya kilala,” na isang mariing deklarasyon na wala siyang kaugnayan sa Kristo. Isang tahasang pagtanggì sa biyaya ng pagkakaibigan, sa isang dako, at pagkakanulo sa pinangakuang hindi siya maglililo kahit kailan, sa kabilang dako.

Pangatlo, sa paggamit ng isang matanda ngunit mahalagang nobela at ng isang serye ng kaganapan sa Bagong Testamento—magkakaugnay na konsepto ng “pagtatatwa,” “pagtataksil,” “pagtalikod,” at “pagkakaila”—

ninais kong bigyan ng konteksto ang kasalukuyang papel ng wikang Filipino sa ating kasaysayan.

Na kailangang pang bigyan ng espasyo sa kalendaryo na binubuo ng labindalawang buwan o limampu't dalawang linggo ang itinuturing na “Buwan ng Wika” o “Linggo ng Wika” ay isang malaking anomalya. May Linggo ng Wika ba sa Indonesia, sa Estados Unidos, sa Alemanya, o sa iba pang mga bansa sa daigdig? Kinailangan ba ng mga Hapones o mga Malaysian o ng mga Nigerian na ipagdiwang ang Linggo ng Wika?

Saan ba nanggaling ang direktiba na nagtatakda ng pagdiriwang ng wika sa buwan ng Agosto? (2) Saan pa kundi sa isang kolonyal na kasaysayan kung saan ang kakanyahan ng sariling wika, ang lakas at kapangyarihan nito hindi lamang bilang behikulo ng pakikipag-ugnayan kundi instrumento sa paglikha ng mga diskurso sa iba't ibang larangan, ay naisaisang-tabi kundi man nabulid sa bangin ng pagkalimot, sa harap ng katotohanang higit na pinahalagahan ang wikang Ingles ng pangkalahatang sistema. Sino ang “pusong walang pag-ibig” sa kasaysayan?

Ang Wika bilang “Kaiba”

Sa kasaysayan at sa lipunan, lalo na sa ikalawang hati ng ika-20 siglo, nanatiling isang “Kaiba” o “Other” ang sariling wika, nasa laylayan, ipinalalagay na walang kapangyarihan, walang lakas, walang puwersa. Sinabi nga ni Gloria Diaz nang magwagi siya bilang Miss Universe nuong Hulyo 16, 1969 “I use Tagalog to speak to the maids.” Sa lubusang paniniwala na superyor ang Ingles sa Filipino, libu-libong netizens, na sa tingin ko naman ay mahina din sa wika ni Shakespeare, nagiging katawa-tawa ang mga pagkakamali ni Vilma Santos sa kanyang ispelang ng “truely” at “bless” (na dapat ay “blessed/blest”) sa kanyang maikling sulat kay Kris Aquino na ipinost ni Aquino sa Instagram. Milyun-milyon din ang nanlilibak kay Melanie Marquez o iba pang sumasali sa mga *beauty contests*, sa mga pagkakamali nila sa pagsasalita ng Ingles.

Pero “cute” ang mga pagaril-garil na pagsasalita ng mga Amerikanitong sina Sam Milby, Martin Nievera, at kung sinu-sino pang mga artista na ang tanging puhunan ay magandang mukha. Naparito sa Pilipinas dahil dito sila yayaman, sa tulong ng mga milyon-milyong Pilipino na tumatangkilik sa kanila. At kapag nag-Ingles sina Sharon Cuneta, Kris Aquino, o Heart Evangelista (pawang galing sa pamilyang

may-kaya at nag-aral sa mga pribadong paaralan), hangang-hanga tayo. Tunay silang edukado!

Paano nagkaganito ang pagtingin natin sa Filipino? Paano naitulak ang Filipino sa labas ng diskurso ng kapangyarihan? Paanong ang wika na kakambal ng dakilang Rebolusyon, at ang lahat ng positibong kahulugan nito, ay nasalalak sa ganitong abang kalagayan sa puso ng maraming Pilipino (lalo na ang nagtataglay ng kapangyarihan—sa politika, sa batas, sa akademya, sa ekonomiya, sa negosyo, sa edukasyon)? Paanong nangyari na ang sariling wika ay humihingi ng pagpapahalaga maging sa sistemang edukasyunal?

“Sa ningning ng nag-aalab na liwanag”: Ang Wika sa ika-19 na siglo

Taliwas sa kasalukuyang palagay na “mahina” at walang sapat na lakas ang Filipino bilang wika ng bansa ang mga patunay mula sa kasaysayan na buo, matatag, at mayaman ang Tagalog (na pinagbatayan ng Filipino). Sa panahon ng kolonyalismong Kastila, nabuo ang isang masalimuot na diskurso ng wika sa mga akdang lumabas sa ika-labingsiyam na siglo. Sa paggugumiit ng Tagalog sa harap ng pamamayani ng Kastila, ating matatagpuan ang mga awit at korido, ang buhay ng mga santo, mga komedya na nilikha ng mga manunulat tulad nina Balagtas at Jose de la Cruz; mga akda sa prosa na tumalakay sa mga pagpapahalaga ng mga tao tulad ng *Urbana at Felisa* (1864) ni Modesto de Castro at Si *Tandang Bacio Macunat* (1875) ni Miguel Lucio Bustamante, at ang makapangyarihang pasyon na bahagi ng kamalayang popular hanggang ngayon.

Higit sa lahat, bilang patunay na masigla at masigasig ang paggamit sa wika bilang instrumentong politikal ng mga manunulat—ilustrado at mahirap—ang nakagugulat na kalipunan ng mga sanaysay at mga tula nina Andres Bonifacio, Marcelo H. Del Pilar, Emilio Jacinto, Gregoria de Jesus, at iba pa na higit pang nagpayabong ng Tagalog na ginamit hindi sa bagay na espirituwal. Sekular at politikal ang paksa ng mga akdang naturan kung saan ang mga konsepto tungkol sa kolonyalismo, kalayaan, antiklerikalismo, mga ideya hango sa *Enlightenment* ay buong tapang na tinalakay at isinangkap sa mga akda upang imulat ang mga katutubo sa mga bunga ng kolonyalismo.

Ang Pagpapayabong ng Wika sa Panahon ng Amerikano

Sa panahon ng mga Amerikano, nagpatuloy ang ganitong malawakan at masigasig na pagmimina sa lakas ng Tagalog sa malaking bilang ng mga pahayagang itinatag—*Ang Watawat, Ang Mithi, Taliba, Muling Pagsilang, Lipang Kalabaw*—sa mga peryodistang nagsulat ng mga artikulo, kolum at mga tula sa naturang pahayagan na sumaklaw sa maraming paksa. Kabilang dito ang bunga ng kolonyalismong Amerikano, ang di-matanggap na pagbabago sa kultura, ang mga kalabisan ng mga Amerikano, ang mga kahinaan ng mga Pilipino, ang ekonomiya ng bansa, at iba pa.

Sa daan-daang nobelang Tagalog na nalathala sa unang hati ng ika-dalawampung siglo matatagpuan ang tinig ng mga manunulat na nagmana sa tradisyon ng protesta. (3) Isinulat ang mga nobela hindi ng mga mangmang kundi ng mga Pilipinong nakapag-aral sa Ateneo Municipal, San Juan de Letran, Unibersidad ng Santo Tomas at iba pang kolehiyo. Malalim ang kabatiran ng mga manunulat sa kasaysayan ng ibang bansa, sa mga sistemang pilosopikal at sosyolohikal, sa mga panitikan ng mundo.

Binasa ang mga nobela nina Faustino Aguilar, Lope K. Santos, Inigo Ed. Regalado, Juan Arsciwals, at iba pa, ng mga tao mula sa lahat ng antas ng lipunan—mula sa mga may-kaya hanggang sa karaniwang tao. Dinagsa sa mga teatro ang nga sarsuwela nina Severino Reyes, Juan Abad, Aurelio Toletino, at iba pang manunulat na nagpamulat sa katotohanan ng kolonyalismo.

Nakisangkot ang mga manunulat na ito sa karanasan ng lipunang kolonyal sa pamamagitan ng peryodismo, pagkilos ng unyong obrero, at maging sa politika. Isa si Isabelo de los Reyes sa nagtatatag ng Iglesia Independiente Filipina. Tagalog ang wika ng diskurso ng mga intelektuwal tulad nina Lope K. Santos, Faustino Aguilar, Severino Reyes, Dominador Gomez, Hermenegildo Cruz, at malaking bilang ng manunulat.

Tagalog ang ginamit nila blang pakiiisa sa nakaraang Rebolusyon na maituturing na tunay na “dakilang bahagi” ng kasaysayan. Sa isang panayam, idiniin ni Lope K. Santos ang kaugnayan ng Tagalog ng Rebolusyon sa pamamayani ng wikang sarili sa unang dalawang dekada ng ika-20 siglo:

Ang panitikan nati’y nagsasabi ng napakarami niyang naaning mga bunga at natipong bagong binhi ng kalayaan at makabagong kabihasan. Diyan sa panahong iyan

lalong nasarili ng wikang Tagalog ang mga karangalan ng pagkawika ng Katipunan, Himagsikan, at Republika, ang pagka-wika ng Kalayaan at Kasarinlan, ang pagka-wika ng mga lalong dakilang Bayani ng Lahi, at ang pagka-wika ng lagi nang masidhing pagtutol laban sa mga banyaga at dayuhang makapangyarihan. . . nalathala ang ating mga bagong aklat, pamamahayag, palatuntunan, at libu-libong kasulata't babasahing makabansa ang kalakhan ng sambayanan, upang sumunod nang buong puso sa pagsinsay sa dating landas ng kadiliman, at lumipat sa landas ng bagong araw. Sa liwanag ng mga nag-aalab na isip at pusong bayaning nagpapasakit nang mga taong iyon, ay nakalikha tayo ng isang panitikang may mga wasto nang pagsulat, may maiimbulong nang diwa sa pagsasalita, may mga dakilang kasulatan at katibayan ng pagkabansa, at nagkaisang wika nang batibot, matipuno at sagana sa mga salita ng kalayaan, saka ng pagkapoot at pagtutol sa pinagkamihasnang pagkaalipin. (4)

Sa kamay nina Lope K. Santos, Aguilar, Regalado, at marami pang bahagi ng unang henerasyon ng manunulat sa Tagalog, ang pagsulat ay isang “kilusan sa pagtubos sa kalagayang aba ng wikang sarili, na gayong siyang sa bayan, ay siya pang nakasadlak sa siphayo at pagkalugami.” (5) At ang pagtatatag ng iba’t ibang kapisanan ng wika ay pagtatangkang ipagtanggol ang sariling wika.

Sa ganitong pananaw, mahigpit ang ugnayan ng wika at pambansang karanasan, at sumusulat ng nobela, tula at dula hindi upang magdulot lamang ng aliw kundi maging gabay sa pag-unawa sa bunga ng kolonyalismong Amerikano tulad ng pandarambong at sabwatan ng mga pinunong Amerikano at ng mayayamang Pilipino (*Pinaglahuan*, 1907), ng tagisan ng mga uri mula sa sosyalistikong pananaw (*Banaag at Sikat*, 1906), ng madugong pag-aalsa laban sa mga mananakop (*Madaling Araw*, 1909), ng nakamamatay na bunga ng mga batas tulad ng Flag law (*Bulalakaw ng Pag-asa*, 1909), ng mga dahilan sa pag-aaklas (*Isa Pang Bayani*, 1915), ng mga karanasan ng mga rebolusyunaryong Pilipino na naturingang tulisan (*Lalaking Uliran o Tulisan*, 1914), ng mga bunga ng kolonyalismo sa kultura

at pagpapahalaga ng mga Pilipino (*Sampagitang Walang Bango*, 1921). Sa wika nabigyan ng kahulugan ang mga abstraktong konsepto.

Mabibigat at masasalimuot ang mga paksang naturan na binigyan ng dugo at laman sa paglikha ng mga sitwasyon at tauhang obhektipikasyon ng mga nagtatagisang isyu. Sa maraming hindi nagbabasa ng mga nobelang Tagalog, inakala nilang binubuo ang mga nobela ng walang katapusang usapan sa wikang mahirap maunawaan. Wasto ang ganitong pintas, subalit hindi nila alam na ang ganitong mga tagpo ay ginagamit upang palinawin ang tema ng mga nobela.

Sa kasaysayan ng nobela sa Kanluran, lalo na sa panahong realismong sosyal tulad ng mababasa sa mga akda nina Victor Hugo, Honoré de Balzac, Leo Tolstoy, Fyodor Dostoyevsky, Charles Dickens, William Thackeray, at Emile Zola, halimbawa na, masusi ang ginagawang pagtalakay sa mga piling isyung kinakaharap ng mga bansa sa tiyak na panahon. Inilarawan ng mga akda ang panahon ng rebolusyon sa Pransiya, ang piyudalismo sa Rusya, ang bunga ng industriyalisasyon sa Inglatera, ang pananalasa ng problemang panlipunan sa Paris. Sa ganitong mabibigat na isyu, hindi maaari ang isang patalon-talon, magaang, at superpisyal na tono. Seryoso ang tono sapagkat mabigat ang mga isyu.

Para sa mga Pilipinong walang kasanayan sa pormal na antas ng Tagalog na siyang ginamit sa unang mga nobela hanggang sa mga akdang sinulat pagkalipas ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at sanay lamang sa lengguwahe ng bahay at pamilya, mahirap maunawaan ang mga nobela. Subalit para sa ilang henerasyon ng publiko hanggang sa panahon ng inyong mga lola at lolo, sa dekada limampu at animnapu, ang pagbasa ng mga akda sa sariling wika ay isang kinasanayang gawain, na bahagi ng pangaraw-araw na buhay. Isa itong karanasang pinagsasaluhan ng publiko, hindi isang bagay na nagaganap sa loob ng silid.

Ang Paglabas ng *Liwayway*: Ibayong Popularidad ng Prosa sa Filipino

Sa paglipas ng panahon, lalong lumaki ang bilang ng nagbabasa ng nobela at maikling kuwento sa paglabas ng *Liwayway* nuong 1922. Ang magasing ito, na sa kasalukuyan ay binabatikos ng mga wala namang gaanong alam sa kasaysayan ng panitikan, ang siyang naglabas ng mga akda nina Jose Corazon de Jesus, Florentino Collantes, at ng mga batikang nobelistang tulad nina Antonio Sempio, Fausto Galauran, Clodualdo del

Mundo, Macario Pineda, ang mga Pambansang Manunulat tulad nina Amado V. Hernandez at Lazaro Francisco, at premyadong manunulat tulad nina Liwayway Arceo, Genoveva Edroza Matute, Rosario de Guzman Lingat, Lualhati Bautista, at maging ng mga manunulat ng *Mga Agos sa Disyerto*. Paano mabubuo ang kasaysayan ng panitikan sa Pilipinas kung babale-walain ang kasaysayan ng *Liwayway*, lalo na kung iisipin natin na sa pamamayani ng Ingles ay *Liwayway* ang sumalo sa tungkuling palaganapin ang sariling panitikan sa kabila ng pambabatikos dito ng mga gitnang uri? (6)

Ang Kolonyalismong Amerikano at ang Imposisyon ng Ingles

Mai-uugat ang mababang pagtingin sa Filipino sa sistemang kolonyal na dala ng mga Amerikano, katulad ng paulit-ulit na tesis ni Renato Constantino. (7) Sa halip na maging instrumento ng pagiging pantay sa batas (sa pagtuturo ng Ingles, ipinalagay ng mga Amerikanong administrador na mamumulat ang mga mata ng mga Pilipino sa kanilang pagkaalipin, magsikap na matutuhan ang batas upang itama ang mali), lalong lumawak ang agwat ng milyun-milyong mahihirap at iilang mayaman na may hawak ng kapangyarihan at namayani sa mga institusyon ng bayan, at gumagamit ng Ingles.

Ang sistemang edukasyunal ang isa sa pinakamalakas na katulong sa papapalaganap ng pananaw na Ingles ang susi sa progreso at kaunlaran, mula sa elementarya hanggang sa kolehiyo. Milyun-milyong mag-aaral ang hindi lamang natutong gumamit ng wikang banyaga kundi higit na mahalaga, tumanggap ng mga ideya at konsepto, mga pagpapahalaga at ideyal na nag-ugat sa kulturang banyaga. Sa palasak na Ingles sa paaralan at sa mga anyong kultural sa kapaligiran—mga aklat, magasin, radyo, pelikula, at ngayon ang telebisyon at internet (ang mundo bilang isang *global village*)—milyong Pilipino ang nagbukas ng sarili sa kagulat-gulat at nakakahihilong produkto ng teknolohiya at globalisasyon.

Ang Pagkiling sa Kanluran at ang Pagbabago sa Panlasa

Nalikha ang panlasa na nagpapahalaga sa *imported*, sa kanluranin, sa nakagugulat na produkto ng siyensiya at teknolohiya. (8) Nabuo ang paniniwalang ang galing sa Estados Unidos tulad ng pelikula, telebisyon, awitin at iba pang produkto, ay superyor sa katutubo kahit na nga ba

ang mga pelikula sa Hollywood (mula sa *Maltese Falcon* hanggang sa *The Avengers*), mga awitin ni Beyonce o One Direction, mga palabas sa telebisyon tulad ng *Sex and the City* o *The Vampire Diaries*, mga seryeng tulad ng *Twilight* o *Harry Potter*, ay **KITSCH**, o bahagi ng kulturang popular, at walang pagtatangkang maging intelektuwal. Mga teksto silang pinalalaganap ng mga korporasyon tulad ng Sony, Disney, HBO, halimbawa na, na naglalayong magbigay ng aliw at kumita ng limpak-limpak na salapi sa buong mundo.

Dapat ding idiin na ang mga akdang ito ay di-maiiwasang bunga ng mga pagbabago ng mga ideyal at pagpapahalaga ng lipunan na lubog sa teknolohiya at materyalismo, at bunga rin ng walang hunos-diling pamamayani ng indibiduwalismo at sekularismo, lalo na sa Kanluran.

Ano ba ang kinakatawan ng halos hubad na katawan nina Miley Cyrus o Beyonce habang bigay-todong umindak sa nakakawiwindang-sa-pandinig na musika, sa gitna ng nakahihilong paggamit ng teknolohiya? Kulito na sumasamba sa panlabas na kagandahan at kabataan, paniniwala sa walang habas na paghahanap ng kaligayahan sa iba't ibang materyal na paraan, ang ideya ng makasariling indibiduwalismo, at *sense of entitlement*. Ano ba ang sinasabi ng mga programang *crime stories* sa telebisyon at ang interes sa *forensic science* sa *NCIS*, *Criminal Minds*, *Law and Order*? Na ang Estados Unidos ay pinamamayanihan ng isang ideolohiyang sumasamba sa sagisag ng karahasan tulad ng matataas na kalibreng baril, na ang mga trahedya ay mareresolba sa paggamit ng *forensic science* at hindi ng pag-aaral sa sikolohiya ng mga nasisiraaan ng ulo at pumapatay sa mga walang malay. Salamin ng uri ng pamumuhay sa Estados Unidos ang ganitong mga programa.

Ano ba ang sinasagisag ng walang-tigil na pagbuhos at pagsambulat ng mga makukulay na imahen at laro sa internet? Ang kawalan ng interpersonal na ugnayan, ang lumalalim na alyenasyon ng mga mga adik sa internet, ang pamamayani ng teknolohiya na humahantong sa pagkawala ng pansariling karapatan, katulad ng isiniwalat ng Amerikanong si Edward Snowden.

Dahil hindi naman sanay ang nakararami na usisain ang mga motibo ng kulturang popular, ang indibiduwalismo at komersiyalismo nito, ang walang-habas na paghahanap ng mga kapitalista ng mapagtatapunan ng mga produkto, ang epekto ng globalisasyon na puwersahang buksan ang mga

mahihirap na bansa sa impluwensiya nito, hindi problema ang pagpasok nito at pagdaloy sa kamalayan ng mga tao. Na tinanggap ang mga ito ng mga Pilipino ay isang di-maiiwasang bunga ng edukasyong kolonyal—**the west is the best**.

Subalit may ilan pang matutukoy na mga dahilan kung bakit mababa ang pagtingin sa Pilipino. Ang ganitong pagpapalagay ay lubhang nakapagtataka sapagkat sa lipunang ito na pinagbukod-bukod ng kayamanan at kapangyarihan, milyun-milyon ang tumatangkilik sa Tagalog o Filipino. Sila ang mga taong nagbasa ng *Liwayway*, *Aliwan*, *Bulaklak*, *Tagumpay*, at mga komiks na namayani pagkatapos ng digmaan. Sila ang nanood ng mga pelikula nina Carmen Rosales at Rogelio de la Rosa, Gloria Romero at Nida Blanca, Amalia Fuentes at Susan Roces, Nora Aunor at Vilma Santos, Judy Ann Santos, Alma Moreno, nina Fernando Poe, Jr., Joseph Estrada, Christopher de Leon, at sa kasalukuyan, sumusunod sa romansa nina Daniel Padilla at Kathryn Bernardo. Milyon ang nanonood ng mga seryeng tulad ng *Gulong ng Palad*, *Flordeluna*, *Anna Lisa*, *Pangako sa 'Yo*, *My Husband's Lover*, *The Legal Wife*, *Ikaw Lamang* at *Be Careful with my Heart*. Sila ang bumibili ng mga best-sellers ni Bob Ong at mga nobela ng romansa, ang nagbabasa ng *Bulgar* o *Tempo*, ang nanonood sa *The Buzz* or *The Voice (Kid)*, na nakikinig sa mga komentaryo nina Noli de Castro, Korina Sanchez, Mike Enriquez, o kumakanta ng mga awit ni Sarah Geronimo o Aegis.

Sa pamamagitan ng mga magasing popular tulad ng *Liwayway*, milyong kopya ng makukulay na komiks (tinatayang sa kasagsagan ng popularidad nito nuong dekada pitumpo, higit sa dalawang milyon ang sirkulasyon nito), mga pelikulang Tagalog, programa sa radyo at telebisyon (na umaabot sa pinakaliblib na pook ng bansa), milyun-milyon ang nakabasa, nakarinig at nakapanood ng mga akda sa Filipino. Ang wika ang nag-uugnay sa lipunan.

Hindi katulad ng may hawak ng kapangyarihan, hindi itinatwa, pinagtaksilan, tinalikuran ng karaniwang tao ang sariling wika; ito ang kanilang kaluluwa, ang pinagmumulan ng buhay. Paaano nila “ilalaglag” ang wikang kanilang kinamulatan, kumakatawan sa kanilang mga karanasan, mga pangarap at simulain, at paraan upang ipahayag ang kanilang pagkaapi at wasak na pangarap? Maari bang tapatan ng Ingles ang kahulugan ng mga salitang nakaikot sa “loob,” sa “kalooban,” “sa utang na

loob,” sa “masama ang loob,” sa “kaulayaw,” “sansinukob,” at marami pang mga salita sa sariling wika na nag-ugat sa ating aktuwal na karanasan? Sa isang survey sa internet, ang pinakatanyag na manunulat ay sina Mars Ravelo, Gilda Olvidado, Pablo Gomez—pawang nagsulat sa komiks—hindi ang mga premyadong manunulat tulad nina Nick Joaquin o Francisco Arcellana or Amado V. Hernandez. Isa itong indeks sa pagpapahalaga ng mga tao. Masisisi ba sila?

Ang “Bakya” sa Kamalayan: Dekada 40-60

Kung maituturing na kolonisasyon ang pangkalahatang nagkanulo sa sariling wika na nagbunga ng higit na pagpapahalaga hindi lamang sa Ingles bilang wika kundi Ingles bilang instrumento sa popularisasyon ng kanluraning produkto at konsepto, may maituturong higit na partikular na mga kaganapan kung bakit sa ikalawang hati ng ika-20 siglo, kakatwa na ang pagtingin sa Filipino at sa mga akdang inihayag nito—panitikan, awit, komiks at pelikula, telebisyon, magasin at pahayagan.

Una, ang malawak at makapangyarihang doktrina galing sa historyador at kritikong si Teodoro A. Agoncillo, ang teorista ng grupong Panitikan na itinatag nuong ikaapat na dekada. Isa itong kilusan ng makabagong manunulat tulad nina Alejandro G. Abadilla, Salvador Barros, Cloudaldo del Mundo, Brigido Batungbakal, halimbawa na, na pumuna sa tradisyunal na mga akdang patuloy na inilalathala sa *Liwayway*. Sa ilang impluwensiyal na sanaysay, idiniin ni Agoncillo ang sa palagay niya ay masasamang katangian ng panitikan—nangangaral, nagtatatampisaw sa sentimentalismo, mabulalaklak na wika, komplikadong banghay, di-kapani-paniwalang tauhan. Itinakda niya ang paggamit ng kontrol sa pagsulat, pag-iwas sa didaktisismo at sentimentalismo, mabulaklak na wika, kahinahunan sa paglikha ng tauhan. (9) Sa kanilang pagkarahuyo sa mga akda nina O. Henry o Dorothy Parker na ginawa nilang modelo, inakala ng grupo ni Agoncillo na dapat lamang wasakin ang pamamayani ng tradisyunal na akda. Kung kaya sa isang dramatikong rebelyon, sinunog ng kabataang manunulat ang mga popular na akda ng mga “matatandang tinale” sa Moriones, Tondo nuong ika-2 ng Marso 1940 bilang sagisag ng kanilang pag-aalsa hindi lamang sa “matatandang tinale” kundi sa publikong tumangkilik sa mga akda.

Sa dekada apatnapu at limampu, naganap ang dramatikong labanan ng “matatandang tinale” at ng mga “sakdalista at aristokrata” sa panitikang Tagalog. (10) Dahil sa kapangyarihan ni Agoncillo, ang intelektuwal na nag-aral sa Unibersidad ng Pilipinas, na binasa at pinaniwalaan ng susunod na henerasyon ng kritiko, nagkaroon ng *paradigm shift*—sa pagpapahalaga sa “malikhaing” akda, na tutok ang atensiyon hindi sa mambabasa kundi sa anyo at sining ng akda: ang panitikan bilang panitikan. Tumaas ang pagpapahalaga sa mga kuwento at tula na ibayo ang ingat sa paglikha ng mga tauhang makatotohanan, banghay na batay sa panloob na karanasan, maingat na paggamit ng wika, at walang sermon. Isa na lamang elemento ang wika sa paglikha, hindi instrumento sa pagkamulat. Ang tula ni Abadilla laban sa tula ni Jose Corazon de Jesus; o ang kuwento ni Macario Pineda laban sa katha ni Fausto Galauran.

Pangalawa, sa ikaanim na dekada, ang imahen ng “bakya,” na gawa sa kahoy na pangkaraniwang isinusuot ng mga Pilipino, mayaman man o mahirap, ay binigyan ng mga kahulugan na nagpalala ng pagkakaiba ng panlasa ng mga karaniwang Pilipino at ng mga gitnang uri, kabilang na ang mga intelektuwal—nakapag-aral sa mga kolehiyo at unibersidad at babad sa kulturang mula sa Kanluran. Sa pagsusulat nila ng mga sanaysay at mga aklat tungkol sa kasaysayan ng panitikan o pagsusuri sa isang partikular na anyo, tumibay pa ang pananaw na malaki ang pagkakaiba ng “tunay na panitikan” sa mga akdang bunga ng komersiyalismo. Pinatindi nito ang tinatawag na *low-brow-high brow dichotomy*, na isang palasak na kategorya sa Kanluraning kritisismo ng kulturang popular, lalo na sa mga gitnang dekada sa ika-20 siglo.

